
Your Helpful Friend- Tagalog

# Ang Iyong Matulunging Kaibigan

## 1




**IKAW AY MAY KAIBIGAN–ANG ESPIRITU SANTO**

Mahal na Kaibigan

Nagagalak kami na ikaw ay kabilang sa malaking talaan ng mga nag-aaral sa International Correspondence Institute! Sa kursong ito'y kasama mo ang libu-libong estudyante sa maraming bansa na nagnanais na lalong makilala ang Diyos. Masusumpungan mo ang lalong maligayang buhay habang isinasagawa mo ang iyong natututuhan sa anim na araling ito.

Ikaw ay May Kaibigan - Ang Espiritu Santo
Ang Espiritu Santo ay Magbibigay sa Iyo ng Buhay
Tutulungan Kang Manalangin ng Espiritu
Papatnubayan Ka ng Espiritu Santo
Bibigyan Ka ng Kapangyarihan ng Espiritu
Pupuspusin Ka ng Espiritu Santo

Mababasa mo ang nakawiwiling karanasan ng mga taong tumanggap kamakailan sa Espiritu Santo bilang Kaibigan at Katulong. At matututuhan mo sa Biblia kung ano ang gagawin para sa iyo ng Kaibigang ito.

Alam mo na marahil na maraming salin ng Biblia. Ginagamit sa mga araling ito ang Lumang Tipan at ang Bagong Tipan. Kalakip ng bawat talata sa Biblia ang aklat, kabanata, at bilang ng talatang pinagkunan. Kung minsan, ito'y bahagi lamang ng talata.

Pagkatapos mo ng araling ito, sagutin lang ang eksamen. Pag nasagot mo na ang eksamen, ipadala sa INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE, P.O. Box 1084, Maynila. Matapos lagyan ng antas ibabalik namin sa iyo ang eksamen pati ang susunod na araling walang bayad.

Kung matapos mo ang anim na aralin sa paksang ito, tatanggap ka ng magandang katibayan.

Kung ikaw ay may patotoo kung paano nakatutulong sa iyo ang kursong ito sa paghahanap ng tugon sa maraming katanungan sa buhay o kaya'y anumang kahilingan sa panalangin, ilakip ito sa susunod mong sulat. Ikagagalak na lagi ng ICI staff na makabalita buhat sa iyo. Tinatanggap namin ang anumang pagkakataong makapagpayo sa iyo.

Director.

Aralin I

# IKAW AY MAY KAIBIGAN —ANG ESPIRITU SANTO

Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo

- Siya'y Tanging Kaibigan
- Siya'y Tutulong Sa Iyo
- Siya'y Magtuturo Sa Iyo
- Gagawin Niyang Tunay Ang Dios Sa Iyo
- Pupuspusin Niya ng Pag-ibig ang Buhay Mo

## SIYA'Y TANGING KAIBIGAN

**Tinanong ang isang dakilang lalaki kung ano ang lihim ng kanyang tagumpay. Siya'y sumagot: "May kaibigan ako." Ibig niyang malaman ng lahat na kung di dahil sa tulong ng kanyang kaibigan, marahil ay bigo siya. Tinulungan siya, pinalakas ang loob niya, at hindi siya iniwan ng kanyang kaibigan. Ang kaibigang ito'y nagmahal at nagtiwala sa kanya, anupa't naging makabuluhan ang kanyang buhay. Ikaw ba'y nagtataglay ng gayong kaibigan? Siya'y kailangan mo.**



**Anong uri ng kaibigan ang nais mo? Di kasi, yaong magmamahal sa iyo, magmamalasakit sa iyo at sa mga suliranin mo at makikibahagi sa katuwaan mo. Ibig mong siya'y laging magtatapat sa iyo, na sasabihin sa iyo ang katotohanan kahi't na masakit, ituturo ang mga kakulangan mo nguni't sa layuning matulungan ka.**

Marahil, nais mong ang iyong kaibigan ay maging higit na matalino, higit na malakas, at higit na mabuti kaysa iyo. Sa gayon, matuturuan at matutulungan ka niya sa tuwina. Sasagutin niya ang mga katanungan mo. Tutulungan ka niya sa mga suliranin mo. At habang tumatagal ang inyong pagsasama, lalo mo siyang nakakatulad - ikaw ay magiging higit na malakas, higit na matalino at higit na mabuti kaysa ngayon.

Si Jesu-Cristo ay naging ganitong uri ng kaibigan kina Pedro, Santiago, Juan, at sa iba pang mga alagad. Kaibigan Siya ng maysakit at pinagaling Niya ang kanilang karamdaman. Kaibigan Siya ng mga makasalanan. Pinatawad Niya sila at binigyan ng bagong buhay. Nakipagkaibigan Siya sa lahat ng may nais



makipagkaibigan sa Kanya: mayaman o dukha, makasalanan o banal, nag-aral o hindi, kahit anong lahi o bansa. Ipinadama Niya ang pag-ibig na higit na dakila kaysa naranasan na nila -- ang pag-ibig ng Dios. Itinuro Niya sa kanila ang katotohanan. Tinulungan Niya sila sa mga suliraning kinakaharap nila.

Subali't si Jesus, sa Kanyang katawang pisikal ay maaari lamang manatili sa isang dako sa isang panahon. Kaya't sinabi ni Jesus sa mga alagad na babalik Siya sa langit at magpapadala ng ibang Kaibigan at Katulong na makakasama nilang lahat sa lahat ng oras, saanman sila naroon.

> Juan 14:16-17. "At Ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan Niya ng ibang Mang-aaliw, upang Siyang suma-inyo magpakailanman, ang Espiritu ng katotohanan: na hindi matatanggap ng sanlibutan: sapagka't hindi nito Siya nakikita, ni nakikilala man Siya: Siya'y nakikilala ninyo; sapagka't Siya'y tumatahan sa inyo, at sasa inyo."

> Juan 16:7. "Nararapat sa inyo na Ako'y yumaon; sapagka't kung hindi Ako yayaon, ang Mang-aaliw ay hindi paririto sa inyo: nguni't kung Ako'y yumaon, Siya'y susuguin Ko sa inyo."

Ang Katulong na ipinangako ni Jesus ay ang Espiritu Santo, ang Pangatlong Persona sa Trinidad.



Siya'y kalikas ng Dios Ama at ni Jesu-Cristo, ang Dios Anak, pati sa kapangyarihan at layon. Alam Niya ang lahat at nasa lahat ng dako sa lahat ng oras. Sinugo ni Jesus ang Espiritu Santo upang Siyang manahanan sa buhay ng mga tumanggap sa Kanya. Gagawin Niya para sa iyo ang ginawa ni Jesus para sa mga alagad.



Nadarama mo ba kung minsan na walang nakauunawa o nagmamalasakit sa mga suliranin mo? Mayroon! Ang Dios. Alam Niya kung ano ang kailangan mo. Mahal ka Niya kaya't sinugo ang Espiritu Santo upang maging iyong tanging Kaibigan at Katulong. Matututuhan mo sa kursong ito kung paano dumating ang Espiritu Santo, ano ang Kanyang ginawa para sa mga unang Cristiano, at ano ang gagawin Niya para sa iyo. Kung ang Espiritu Santo ay Kaibigan mo, hindi ka na dapat malungkot o manlupaypay.

### Gawin Mo Ito

1. Ibig mo bang maging Kaibigan at Katulong ang Espiritu Santo? . . .

2. Ibig mo bang makilalang lalo ang Espiritu Santo? . . . . . . . . . . . . .

3. Pag-isipan kung paano ka natulungan ng mga kaibigan mo. Pagkatapos, isipin ang ginawa ni Jesus para sa mga tao at ang magagawa ng Espiritu Santo para sa iyo.


4. Isaulo ang Juan 14:16, 17.

## SIYA'Y TUTULONG SA IYO

Si Jesus ay nangakong magsusugo ng Ibang Katulong. Ang salitang ginamit Niya sa Griego ay **"paraclete"**, na isinasaling Mang-aaliw. Ibig sabihin, "isang tinawag upang tumulong." Ang iba pang tawag sa "Paraclete" ay nagbabadya ng Kanyang kapangyarihan, pananagutan, at paraan ng pagtulong. Tinatawag Siyang Espiritu ng buhay, Espiritu Santo, Espiritu ng katotohanan, Espiritu ng karunungan, Espiritu ni Cristo, at Espiritu ng Dios. Anuman ang suliranin mo may laang kalutasan ang iyong Katulong.

### Ang Espiritu ng buhay

Kailangan mo ba ang pagpapagaling sa iyong katawan? Sa buong daigdig maraming maysakit ngayon ang mahimalang gumagaling bilang tugon sa panalangin. Muling akaririnig ang bingi, nakakakita ang bulag,



nakalalakad na muli ang paralisado o lumpo, dahil sa kapangyarihan ng Espiritu Santo. Siya ang Espiritu ng buhay na nagbibigay-buhay sa lahat ng nilikha. Sa pamamagitan ni Jesus ay nagpagaling Siya at hanggang ngayon ay nagpapagaling pa rin Siya ng mga may karamdaman.

Sa susunod na aralin, lalo mo pang matututuhan kung paano nagbibigay sa iyo ng buhay at kalusugan ang Espiritu Santo upang magkaroon ka ng magalak at nakasisiyang buhay sa lupa, at maluwalhating buhay sa hinaharap. Subali't dapat kang paakay sa Espiritu upang malasap mo ang buhay na kaloob Niya.

> Roma 8:5, 6. **"Sapagka't ang mga ayon sa laman ay nangagsisitalima sa mga bagay ng laman; datapuwa't ang mga ayon sa Espiritu ay sa mga bagay ng Espiritu; Sapagka't ang kaisipan ng laman ay kamatayan; datapuwa't ang kaisipan ng Espiritu ay buhay at kapayapaan".**

### Gawin Mo Ito

5. Ibigay ang pitong tawag sa Espiritu Santo:

   ............................

   ............................

   ............................

   ............................

   ............................

6. Basahing makalimang ulit ang Roma 8:5, 6.

## Ang Espiritu Santo

Nahihirapan ka bang mamuhay nang matuwid? Ibig mo bang maging lalong mabuting Cristiano? Ang Katulong mo'y ang Espiritu Santo, o Espiritu ng kabanalan. Ang ibig sabihin ng "Santo" ay "hiwalay sa kasalanan at nakalaan sa Dios." Ipinakikita sa atin ng Espiritu Santo na nakaririmarim ang ating kasalanan at tinutulungan tayong alisin ito. Habang tayo'y napaiilalim sa Kanya, ilalapit naman Niya tayo sa Dios at ilalayo sa kasalanan ng kapalaluan, karamutan, katigasan ng ulo, pagka-magagalitin, pagkaawa sa sarili, paghihimagsik, pagkagahaman, at likong isipan o kilos.

Marahil, kailangan mo ang tulong upang maalis ang ilang di mainam na pag-uugali. Kung ikaw ay Cristiano, ang iyong katawan ay templo ng Espiritu Santo. Tutulungan ka Niyang alisin ang anumang pag-uugaling makasasama sa iyong katawan. Maraming kabataang sugapa sa apyan ang pinalaya ng Espiritu Santo. Pansamantalang ginhawa lamang ang naibigay sa kanila ng medisina at kawanggawa. Bilang huling hakbang, bumaling sila sa Dios. Matapos tanggapin si Jesus bilang Tagapagligtas, hiniling nila sa Espiritu Santo na puspusin sila at palakasin upang makapamuhay para sa Dios. Nang mapuspos sila ng Espiritu, pinalaya sila ng Espiritu mula sa pagkaalipin sa apyan. Pinuspos sila ng pag-ibig ng Dios at ng pagnanasang makatulong sa kapuwa. Marami sa kanila ngayon ang nangangaral ng Ebanghelyo. Malinis na ang kanilang buhay sapagka't nasa kanila ang Espiritu ng kabanalan.



I Pedro 1:2. "Hinirang kayo ayon sa malaon nang ipinasiya ng Diyos Ama, at binanal kayo ng Espiritu Santo."

**Gawin Mo Ito**

7. May mga kasalanan ka ba o masasamang pag-uugaling nais mong maalis sa tulong ng Espiritu Santo?
Isulat ang mga ito sa paraang ikaw at Siya lamang ang makababasa. Hingin sa Kanya na palayain ka sa mga ito.

## SIYA'Y MAGTUTURO SA IYO

### Ang Espiritu ng katotohanan

Kung paanong tinuruan ni Jesus ang mga alagad at sinagot ang kanilang mga tanong, gayon ka rin tuturuan ng Espiritu Santo. Tutugunin Niya ang mga tanong mo tungkol sa Dios. Ipakikita Niya sa iyo ang layon ng buhay. Ipauunawa Niya sa iyo ang Biblia. Biglang lilinaw ang mga bagay na nakagugulo sa iyo noong araw. Ang wika ni Jesus:



Juan 16:13. "Kung Siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan Niya kayo sa buong katotohanan."

Kamakailan, tumanggap ng Espiritu Santo ang ilang nag-aaral sa seminaryo. Biglang "nagkabuhay" sa kanila ang katotohanan ng Biblia. Namangha ang mga guro sa kanilang bagong pagkaunawa sa mga bagay na espirituwal. Dumating na ang Espiritu ng katotohanan.



### Gawin Mo Ito

8. Isaulo ang Juan 16:13.
9. Ibig mo bang turuan ka ng Espiritu ng katotohanan? . . . . . . . .

## Ang Espiritu ng karunungan

Pinag-iisipan mo ba kung ano ang nararapat mong gawin o kung paano mo lulutasin ang iyong mga suliranin? Narito ang Espiritu ng karunungan upang tumulong sa iyo. Aakayin ka Niya at ipakikita sa iyo ang pinakamabuti. Sa aralin 4 ay pag-aaralan mo kung paano Niya ginagawa ito.

Nais mo ba ng karunungan upang maipaglingkod sa Dios? Sa aklat ng Mga Gawa, makikita mong napuspos muna ng Espiritu Santo ang mga diakono bago sila nakapaglingkod. Marahil, ikaw'y nagtuturo sa Paaralang



Panlinggo, nanghihikayat ng mga kaluluwa, o nangangaral. Nais kang puspusin ng Espiritu ng karunungan at tulungan, gaya ng ginawa Niya sa mga manggagawa ng unang iglesya.

> Mga Gawa 6:10 "At hindi sila makalaban sa karunungan at sa Espiritu na kanyang ipinangungusap."

### Gawin Mo Ito

10. Kailangan mo bang mapuspos ng Espiritu ng karunungan? . . . . . . .
    Bakit? . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
    . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

## GAGAWIN NIYANG TUNAY ANG DIOS SA IYO

### Ang Espiritu ng Dios

**Tunay ba sa iyo ang Dios? O napakalayo Niyang Pinuno kaya't tinatawagan mo lamang kung napakabigat ng iyong suliranin? O Siya'y Amang sumasalangit na nagmamalasakit sa pinakamaliit na bagay sa buhay mo? Nananalangin ka ba sapagka't ito'y tungkulin? O tapatan mong kinakausap ang iyong Ama? Naparito ang Espiritu ng Dios upang tulungan kang makilalang higit ang Dios.**




I Corinto 2:10-12. **"Nguni't ang mga ito ay ipinahayag sa atin ng Dios sa pamamagitan ng Espiritu; sapagka't nasisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, oo ang malalalim na mga bagay ng Dios .... ang mga bagay ng Dios ay hindi nakikilala ng sinuman, maliban na ng Espiritu ng Dios .... nguni't ating tinanggap ... ang Espiritung mula sa Dios upang ating mapagkilala ang mga bagay na sa atin ay ibinigay na walang bayad ng Dios."**

**Ang iyong guro ay mananalangin para sa iyo gaya ng idinalangin ni Pablo para sa mga Cristiano sa Efeso:**

Efeso 1:17-19. **"Upang ipagkaloob sa inyo ng Dios ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang Ama ng kaluwalhatian, ang Espiritu ng karunungan, at ng pahayag sa pagkakilala sa** Kanya; **yamang naliwanagan ang mga mata ng inyong puso, upang maalaman ninyo kung ano ang pag-asa sa** Kanyang **pagtawag; kung ano ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng** Kanyang **pamana sa mga banal, at kung ano ang dakilang kalakhan ng** Kanyang **kapangyarihan sa ating nagsisisampalataya."**



### Gawin Mo Ito

**11. Basahing makalimang ulit ang Efeso 1:17-19. Angkinin mo ang dalanging ito, at ipatungkol din sa iba.**

Si Jesus ay pinatunayan sa iyo ng Espiritu Santo, ang Espiritu ni Cristo, nang ikaw ay Kanyang iligtas. Ipinaalam Niya sa iyo na si Jesus ay higit pa sa isang dakilang Gurong nabuhay noong araw. Ipinakilala Niya si Jesus bilang Anak ng Dios at tinulungan kang Siya'y tanggapin bilang iyong Tagapagligtas, Panginoon, at walang hanggang Hari. Iniugnay ka Niya kay Cristo at ginawa kang sangkap ng Kanyang katawan, ang Iglesya. Tunay na tunay ang kaugnayang ito anupa't nabubuhay sa iyo si Cristo sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu.

Kasama ng mga tagasunod ni Jesus ang Espiritu Santo bago dumating ang Araw ng Pentecostes, nguni't ipinangako ni Jesus na Siya'y darating sa bagong paraan at sila'y pupuspusin. Babautismuhan sila ni Jesus ng Espiritu Santo. Pagkatapos na sila'y nabautismuhan, tinuruan sila ng Espiritu Santo ng dagdag na mga bagay tungkol kay Jesus at pinalakas sila upang maipangaral si Cristo.



Sa ganyan ding paraan ngayon, lahat ng ipinanganak na muli ay taglay ang Espiritu ni Cristo. Nguni't nais ni Jesus na sila'y bautismuhan ng Kanyang Espiritu upang higit na maging mabisang mga saksi Niya. Pag-aaralan mo pa ang tungkol dito sa mga susunod na aralin.

> Juan 15:26; 16:14. "Datapuwa't pagparito ng Mang-aaliw na Aking susuguin sa inyo mula sa Ama, samakatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan, na nagbubuhat sa Ama, ay Siyang nagpapatotoo sa Akin: Luluwalhatiin Niya Ako: sapagka't kukuha Siya sa nasa Akin, at sa inyo'y ipahahayag."

### Gawin Mo Ito

**12.** **Nais mo bang gawing tunay sa iyo ng Espiritu Santo si Jesus? Kung gayon, hilingin mo sa Kanya.**

# PUPUSPUSIN NIYA NG PAG-IBIG ANG BUHAY MO

Ang kailangang-kailangan ngayon ng sanlibutan ay pag-ibig na Dios lamang ang makapagbibigay. Gagamitin ka ng Dios sa pagtugon sa pangangailangang ito kung babayaan mong ikaw'y puspusin ng Espiritu Santo ng ganitong uri ng pag-ibig.

Sa panahon ng Lumang Tipan, ang Dios ay nakipag-usap sa mga propeta at ipinamalas sa kanila ang Kanyang pag-ibig. Kanila lamang sinabi sa mga tao ang tungkol sa pag-ibig na ito. Nguni't inakala pa rin ng marami na ang Dios ay isang mahigpit na Hukom na magpaparusa sa kanila. Hindi nila naunawaang sila'y nais iligtas ng Dios at gawing mga anak.

Sa wakas sinugo ng Dios ang Kanyang Anak na si Jesu-Cristo upang mamuhay sa piling ng mga tao at ituro ang tunay na likas ng Dios. Sa mga turo ni Jesus ay malalaman mong kahanga-hanga ang pag-ibig ng Dios sa mga tao. Ang pag-ibig na ito'y makikita mong kumikilos sa buhay ni Jesus. Makikita mo ang katibayan ng pag-ibig ng Dios sa kamatayan at pagkabuhay Niyang muli.


Nguni't ang naganap 2,000 taon na ngayong nakalilipas ay waring napakalayo na. Ang napapansin natin ay mga suliranin ngayon -- gutom, karahasan, krimen, digmaan -- at iniisip natin kung tunay ngang nagmamalasakit ang Dios. Kailangan nating makilala Siya nang sarilinan at maranasan nating tayo'y iniibig Niya.

Kaya nga naparito ang Espiritu Santo upang tulungan kang makipagharap sa Dios. Kung paanong naparito si Jesus upang ihayag ang pag-ibig ng Ama, naparito naman ang Espiritu Santo upang ihayag ang pag-ibig ng Ama at ng Anak. Pupuspusin ka Niya ng pag-ibig na hindi mo mailalarawan. Magsisimula ito sa sandaling ikaw ay mahikayat. Kapag nabautismuhan ka ng Espiritu Santo, waring higit ang kakayahan mong tumanggap ng kapuspusan ng pag-ibig ng Dios. At sa buong panahon ng buhay mo patuloy na aapaw ang pag-ibig ng Dios habang pinupuspos ka ng Espiritu Santo.

> Roma 5:5. Ang pag-ibig ng Dios ay nabubuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ibinigay sa atin.

Pinupuspos ang buhay mo ng pag-ibig na may 5 - panig:

1. Iniibig ka ng Dios
2. Iniibig mo ang Dios
3. Iniibig ka ng ibang Cristiano
4. Iniibig mo ang ibang Cristiano
5. Iniibig mo ang lahat ng tao




Ganito ang paglalarawan ng mga taong puspos ng Espiritu:

"Nadama ko ang bautismo ng pag-ibig. Bigla akong nagkaroon ng malaking pag-ibig sa Dios at sa Kanyang Salita."

"Ang Espiritu Santo ang nagkaloob sa akin ng bagong pag-ibig sa aking pamilya, mga kaibigan, ibang Cristiano, at pati mga kaaway ko."

"Ang Kalbaryo ay naging tunay sa akin dahil sa Espiritu Santo. Natigib ako ng pasasalamat sa Dios. Bumalong ang malaking pag-ibig ko sa Dios at nasambit ko ang pagpupuri sa Kanya."

"Napahagulgol ako ng panangis nang matigib ako ng pag-ibig ng Dios sa ibang kaluluwang napapahamak, at ang Espiritu Santo ang nanalangin sa pamamagitan ko para sa ikaliligtas nila."

Kahawig ng karanasan ng unang iglesya ang mga karanasan sa ating kapanahunan: "Tingnan mo't sila ay nagmamahalan! " Saan ka man magtungo, madarama mo ang pag-iibigan ng magkakapatid sa Panginoon, silang puspos ng Espiritu. At malalasap mo ang buhay na higit na kasiya-siya kaysa anumang pinapangarap mo, habang pinupuspos ka ng pag-ibig ng Espiritu Santo.

## Gawin Mo Ito

13. Isaulo ang Roma 5:5.
14. Iguhit ang larawan ng pag-ibig na may limang panig, hanggang sa maisaulo mo ito.
15. Sa ibang papel nama'y isulat kung ano ang nais mong gawin para sa iyo ng Espiritu Santo. Ilagay ito sa iyong Biblia, kung ibig mo, bilang paalaala sa iyo upang manalangin at magpasalamat sa Dios sa mga tugon Niya.
16. Masasambit mo bang walang mali ang Juan 14:16, 17; Juan 16:13; Roma 5:5?

    ..........................
17. May Biblia ka ba? ..........
    O kaya'y Bagong Tipan? ......
    Habang pinag-aaralan mo ang mga araling ito, bumasa ng kahit isang kabanata bawa't araw sa aklat ng Mga Gawa. Guhitan ang pangalan ng Espiritu Santo tuwing Siya'y nabanggit. Iuulat mo kung ilang ulit na nabanggit sa bawa't kabanata ang Espiritu Santo.
18. Basahin ang Juan 14, 15, 16. Ilang ulit binanggit ni Jesus sa bawa't kabanata ang pangalan ng Espiritu Santo?
    Kabanata 14 ....15.... 16
19. Ang iyong mga kaibigan ay maaari mong ipatala sa aming aralin na walang bayad, "Ang Mga Dakilang Katanungan Sa Buhay." Ipadala ang kanilang mga pangalan at tirahan.
20. Sagutin ang EKSAMEN at IPADALA SA ICI para malagyan ng antas.

P. O. Box 1084, Maynila

STUDENT NUMBER

# Ang Iyong Matulunging Kaibigan"

# EKSAMEN 1

## Ikaw Ay May Kaibigan - Ang Espiritu Santo

PANGALAN______________________________ Petsa ________

TIRAHAN________________________________________________

Gupitin at ibalik upang mabigyan ng antas

Ibigay ang tamang sagot:

1. Anong uri ng kaibigan si Jesus?
   a. Higit na matalino, higit na malakas, at higit na mabuti kaysa sa atin.
   b. Matulungin kapag Siya'y ating tinulungan.
   k. Tanging kaibigan ng mabuti, malusog at mayaman lamang

2. Sino ang isinugo ni Jesus upang maging kaibigan ng lahat ng nangangailangan sa Kanya? (Juan 14:16)

   ________________________________________________

3. Ibigay ang pitong tawag sa Espiritu Santo.
   a. ________________________________________
   b. ________________________________________
   k. ________________________________________
   d. ________________________________________
   e. ________________________________________
   g. ________________________________________
   h. ________________________________________

4. Saan tayo papatnubayan ng Espiritu Santo na ating Guro? (Juan 16:13)

   ________________________________________________

5. Nang bautismuhan ni Jesus ang Kanyang mga alagad ng Espiritu Santo, ano ang ginawa ng Espiritu Santo sa kanila? (Tingnan ang pahina 11.)

   a. ________________________________________
   b. ________________________________________

6. Isulat ang limang paraan sa pagpuspos ng Espiritu Santo ng pag-ibig sa buhay mo.

a. ____________________

b. ____________________

k. ____________________

d. ____________________

e. ____________________

7. Ang karanasan ngayon ng bautismo sa Espiritu Santo ay kagaya ng nangyari sa

______ a. ibang relihiyon.
______ b. unang iglesya.
______ k. ibang denominasyong Cristiano.

Ang iyong pagsusulit ay lalagyan ng kaukulang antas at ibabalik sa iyo kalakip ang susunod na aralin. Ikagagalak naming tumanggap ng iyong personal na patotoo.

IPADALA ANG PAPEL NG PAGSUSULIT SA PINAKAMALAPIT NA TANGGAPAN NG ICI, GAYA NG NASUSULAT SA "SPECIAL MAILING INSTRUCTION." KAPAG WALANG NAKASULAT NA ADDRESS DOON, IPADALA ITO SA:

ICI – PHILIPPINE NATIONAL OFFICE
P. O. BOX 1084, 1099 MANILA

30M / 10.97 HPH / Tagalog

## PAUNAWA

ANG IBA PANG KURSO NG
ANG MGA SUMUSUNOD:

* Mga Tampok na Pangyayari sa Buhay ni Cristo
* Ang Iyong Bagong Buhay
* Ang Iyong Biblia
* Juan–Gabay sa Pag-aaral
* Ang Iglesya
* Ang Pag-aasawa at ang Tahanan
* Sino Si Jesus
* Mahal Ka ng Dios

Lahat ng kurso sa Biblia na handog ng ICI ay nagpapasigla at nagpapalakas sa buhay espirituwal.

Anyayahan ang mga kamag-aral o kasama sa opisina upang sila rin ay mag-aral sa mga handog na kurso ng ICI. Patulong sa Dios upang ikaw ay espirituwal na mamunga. Pagpalain ka ng Dios habang masigasig mong pinag-aaralan ang mga kursong ito.

Sumulat para sa karagdagang impormasyon:

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE
P. O. BOX 1084, 1099 MANILA

# Ang Iyong Matulunging Kaibigan

ARALIN

1 IKAW AY MAY KAIBIGAN —ANG ESPIRITU SANTO

2 ANG ESPIRITU SANTO AY NAGBIBIGAY SA IYO NG BUHAY

3 ANG ESPIRITU SANTO AY TUMUTULONG SA IYONG MANALANGIN

4 ANG ESPIRITU SANTO AY UMAAKAY SA IYO

5 ANG ESPIRITU SANTO AY NAGBIBIGAY SA IYO NG KAPANGYARIHAN

6 ANG ESPIRITU SANTO AY PUMUPUSPOS SA IYO

International Correspondence Institute
Philippine National Office
P. O. Box 1084
1099 Manila

30M / 10.97 HPH / Tagalog

Your Helpful Friend
Tagalog

# Ang Iyong Matulunging KAIBIGAN




Aralin 2-6

## BAKIT DUMATING ANG ESPIRITU

Dumating ang Espiritu Santo *upang bigyan tayo ng kakayahang isipin ang isipan ng Dios.* Makasarili ang likas nating pag-iisip; nananawagan ang banal na palatuntunan ng Dios na ialay natin ang sarili. Sarili ang lagi nating iniisip; iba ang inaalala ng Dios. Kaya't dapat mangyari ang isang bagay na mag-uugnay sa isipan ng tao sa isipan ng Dios. Ito ang layunin ng pagdating ng Espiritu.

At, dumating ang Espiritu Santo *upang bigyan tayo ng kakayahang ibahagi ang damdamin ng Dios.* Isa na rito'y ang pag-ibig. Hindi likas sa tao na hanapin ang napapahamak, na ipagpakasakit ang lakas at panahon, na idalangin yaong nadarapa. Tanging ang Espiritu ng Dios ang makapaglalagay ng pag-ibig sa puso ng tao.

Muli, dumating ang Espiritu *upang bigyan tayo ng kakayahang manalangin ng panalangin ng Dios:* upang manalangin tayo ayon sa kalakasang kaloob ng Dios upang naisin nating kamtin ang mga bagay na nais ng Dios para sa atin. Hindi natin alam kung ano ang ibig nating hilingin sa Kanya, at hindi natin kayang ialay ang ating sarili sa Dios. Kaya't tumutulong sa ating kahinaan ang Espiritu. At narito ang isang napakahalagang panig ng "glossolalia" (pagsasalita sa mga wika). Sinasabihan tayo sa Bagong Tipan na papagtibayin natin ang ating sarili sa ating lubhang banal na pananampalataya, na "manalangin sa Espiritu Santo." Kay dakilang karapatan ang taglay natin na maabot yaong lampas sa pang-unawa ng tao, at "sa pananalangin ayon sa Espiritu Santo" mapasok ang kabanal-banalang dako, masiglang nakikipag-ugnay sa Dios sa Kanyang pamamagitan.

At dumating ang Espiritu Santo *upang bigyan tayo ng kakayahang magawa ang gawain ng Dios.* Ang pamamaraan ng Dios ay "hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu, sabi ng Panginoon ng mga hukbo."

- Hinalaw sa "Why the Spirit Came"
Ni Melvin L. Hodges. © The General Council of the Assemblies of God, Springfield, Missouri 65802. Ginamit ng may pahintulot.

Aralin 2

## ANG ESPIRITU AY NAGBIBIGAY SA IYO NG BUHAY

**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

- ⌘ **Ang Buhay At Kalusugan Para Sa Iyong Katawan**
- ⌘ **Ang Buhay At Kalusugan Para Sa Iyong Espiritu**
- ⌘ **Ang Buhay Na May Layunin**

### ANG BUHAY AT KALUSUGAN PARA SA IYONG KATAWAN

**Buhay mula sa Espiritu ng Buhay**

Tinanggap mo mula sa Espiritu ang isang bagay na higit kaysa lahat ng pilak at ginto sa sanlibutan - - at ito'y ang buhay. Ang dalawa sa mga tawag sa Espiritu Santo ay *Espiritu ng Dios at Espiritu ng Buhay.* Kasama ng Dios Ama at ng Panginoong Jesu-Cristo, naki-bahagi Siya sa paglalang sa sanlibutan. Ang Espiritu ng Buhay ay naghatid ng buhay sa lupang ito. Ang Kanyang kapangyarihang nagbibigay-buhay ay lakas na nagpapakilos sa kalikasan. Ang iyong Kaibigan, ang Espiritu ng Buhay, ang gumawa sa pamamagitan ng mga batas ng kalikasan upang maghimala ng buhay at kapanganakang naghatid sa iyo sa sangmaliwanag.



*Job 33:4. "Nilalang ako ng Espiritu ng Dios, at ang hininga ng Makapangyarihan sa lahat ay nagbibigay sa akin ng buhay."*

**Gawin Mo Ito**

1. **Isaulo ang Job 33:4**
2. **Magbigay ng dalawang tawag sa Espiritu Santo na binabanggit dito.**

______________________________

______________________________

Sino ang makapagbibigay sa iyo ng bagong kalakasan kung ikaw'y mahina? O ng kalusugan matapos kang magkasakit? Sino ang makapag-iingat sa iyo laban sa mga lason sa palibot, sa mga sakit na naglipana? Sino ang makapagbibigay sa iyo ng kapayapaan at magalak na paglaya mula sa bigat ng mga suliranin? Sino ang makawawasak sa kapangyarihan ng alak o apyan? Sino ang makapagpapagaling sa bingi, bulag, pilay, may ketong, kanser, sakit sa puso, at iba pang karamdaman? Sino ang may kapangyarihang buhayin ang isang namatay? Ang iyong Kaibigan, ang Espiritu ng Buhay! Siyang Lumikha ng ating mga katawan ang nakababatid kung paano pagagalingin ito!

Ang Espiritu ay nagpapagaling sa iba't ibang paraan. Marami ang gumaling nang tanggapin nila si Jesus bilang sariling Tagapagligtas; ang iba'y nang mabautismuhan sila sa tubig o sa Espiritu Santo. Marami ang dagling gumaling nang ipanalangin; ang iba nama'y unti-unting bumuti. May mga gumaling habang nagbabasa ng Biblia; ang iba'y habang nagkukumunyon, nakaupo sa loob ng kapilya, nananalangin, o kaya'y gumagawa. Habang ang mga anak ng Dios ay nananalangin at nananampalataya sa pagkilos ng Dios, ang Espiritu ng Buhay ay nagbubuhos naman ng Kanyang buhay at lakas sa sinumang idinadalangin.

Ang Espiritu ng Buhay ay nagpapalusog sa isip at damdamin, gayundin sa katawan. Kanyang pinalalaya ang mga tao mula sa pagkaunsiyami, pagkatakot, at lahat ng uri ng karamdaman sa isip. At Kanyang pinalalaya ngayon ang mga tao mula sa kapangyarihan ng demonyo, gaya ng ginawa ni Jesus nang Siya'y narito sa lupa.

Kumilos ang Espiritu Santo sa pamamagitan ni Jesus upang maghatid ng kagalingan at kalusugan sa lahat ng nangangailangan nito.

*Mga Gawa 10: 38. "Si Jesus na taga-Nazaret, kung paanong Siya'y pinahiran ng Dios ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan; na naglilibot na gumagawa ng mabuti, at nagpapagaling sa lahat ng mga pinahihirapan ng diyablo: sapagka't sumasa Kanya ang Dios."*

Matapos magbalik sa Langit, sinugo ni Jesus ang Espiritu Santo upang pumalit sa Kanya. Pinuspos ng Espiritu Santo ang mga mananampalataya at itinuloy sa pamamagitan nila ang mga himalang ginawa Niya sa pamamagitan ni Jesus.



*Mga Gawa 5:12, 16. "At sa pamamagitan ng mga kamay ng mga apostol ay ginawa ang maraming tanda at kababalaghan sa gitna ng mga tao ... at nangagkatipon din ang karamihang mula sa mga bayang nangasa palibut-libot ng Jerusalem, na nangagdadala ng mga may sakit, at ng mga pinahihirapan ng mga karumal-dumal na espiritu: at sila'y pawang pinagaling."*

Ang mga unang Cristiano'y binigyan ng "charisma" o katangi-tanging kaloob na kailangan nila sa pagpapatuloy ng gawaing sinimulan ni Jesus. Siyam sa mga kaloob ng Espiritu Santo ang nakatala sa 1 Corinto 12. Tatlo sa mga ito'y ang kaloob ng pananampalataya, pagpapagaling, at paghihimala.

*1 Corinto 12:9, 10. "Sa iba'y ang pananampalataya, gayon ding Espiritu; at sa iba'y ang mga kaloob na pagpapagaling, sa iisang Espiritu. At sa iba'y ang paggawa ng himala."*

Maraming Cristiano ngayon ang kumikilala na ang ginawa ng Espiritu Santo para sa Unang Iglesya, sa Aklat ng Mga Gawa, ay siyang alituntunin ng Dios para sa Kanyang iglesya ngayon. Hinihiling nila kay Jesus na puspusin sila ng Espiritu Santo, at ginagawa Niya. Hinihiling nila na kumilos sa pamamagitan nila ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng Kanyang mga kaloob, at ginagawa Niya. Bunga nito, marami ang gumagaling dahil sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, bilang tugon sa panalangin.

May inihatol si Santiago upang tumanggap tayo ng kagalingan. Tayo'y hihiling sa matatanda sa iglesya na tayo'y idalangin. Ito'y maaaring ang pastor, ebanghelista, o mga diakono. Sa Biblia, ang langis ay sagisag ng Espiritu Santo. Pinahiran ng langis ang mga tao upang ipakitang sila'y sa Dios pinagkatiwalaang gumawa. Hindi nagpapagaling ang langis, kundi ang Espiritu Santo.

*Santiago 5:14, 15. "May sakit baga ang sinuman sa inyo? Ipatawag niya ang mga matanda sa iglesya; at ipanalangin nila siya, na pahiran nila ng langis sa pangalan ng Panginoon. At ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa may sakit, at ibabangon siya ng Panginoon."*

Ikaw man, bilang mananampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo, ay magagamit ng Espiritu Santo upang maghatid ng kalusugan sa iba. Maipapakita mo sa kanila sa Biblia kung paanong nagpagaling si Jesus. Siya'y tumutugon pa rin sa mga dalangin at nagpapagaling sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang bawa't sumasampalataya kay Cristo ay may karapatang manalangin para sa maysakit at umasang sila'y gagaling. Bakit? Ito'y pangako ni Cristo! Kaya, manalig ka!



*Marcos 16:17, 18. "At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya: mangagpapalabas sila ng mga demonyo sa aking pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika; sila'y magsisihawak ng mga ahas, at kung magsiinom sila ng bagay na makamamatay, sa anumang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at sila'y magsisigaling."*

**Gawin Mo Ito**

**Isulat ang salitang naaangkop:**

3. Ayon sa pangako ni Jesus sa Marcos 16:17, 18, ipapatong ng mga __________ ang kanilang mga __________ sa mga maysakit, at sila'y __________.

4. Gumagawa pa ba ng himala ng pagpapagaling ang Espiritu Santo ngayon? ______________

Binuhay na muli ng Espiritu Santo si Jesus at binago ang Kanyang katawan. Ganito rin ang gagawin Niya sa iyo! Nananahan ang Espiritu Santo sa mga anak ng Dios ngayon upang bigyan tayo ng lalong masaganang buhay na pangako ni Jesus. At balang araw ay bibigyan Niya ng pagkabuhay na muli ang lahat ng sumasampalataya kay Jesus. Babaguhin Niya ang ating mga katawan upang makalutang tayo sa papawirin upang salubungin si Jesus. Kapag binago na ang katawan natin, hindi na natin makikilala ang kahinaan, sakit, karamdaman, o kamatayan man!



*Roma 8:10, 11. "At kung si Cristo ay nasa sa inyo, ang katawan ay patay dahil sa kasalanan; datapuwa't ang espiritu ay buhay dahil sa katuwiran. Nguni't kung ang Espiritu niyaong bumubuhay na mag-uli kay Jesus ay tumira sa inyo, ang bumuhay na mag-uli kay Cristo Jesus sa mga patay ay magbibigay buhay naman sa inyong mga katawang may kamatayan, sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu na tumitira sa inyo."*

**Gawin Mo Ito**

5. **Basahing makalimang ulit ang Roma 8:10,11.**
6. **Pasalamatan ang Dios dahil sa pag-asa ng pagkabuhay na muli.**

## ANG BUHAY AT KALUSUGAN PARA SA IYONG ESPIRITU

### Buhay Espirituwal

Kailangan mo ang higit pa kaysa buhay para sa iyong katawan. Kailangan mo ang buhay na walang hanggan na kaloob ng Dios para sa iyong espiritu. Namatay sa lugar mo ang Panginoong Jesus upang magkaroon ka ng buhay. At ang Espiritu Santo ang naghahatid ng buhay na iyan sa iyo. Napakadakilang pagbabago ang ginagawa Niya sa iyo, anupa't tinawag ito ni Jesus na bagong kapanganakan. Tinatawag din natin itong pagkahikayat, na ang ibinabadya ay pagkabago. Sinuman ay hindi maaaring maging anak ng Dios o kaya'y makaparoroon sa Langit kung wala ang himalang ito ng kapanganakang espirituwal. Ang wika ni Jesus:

*Juan 3:6, 7. "Ang ipinanganak ng laman ay laman nga, at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu nga... 'Kinakailangan ngang kayo'y ipanganak na muli."*

Ganito ang ginawa para sa iyo ng Espiritu Santo nang ikaw ay mahikayat:

1 Dinala ka ng Espiritu Santo kay Cristo. Inihanda ka upang mahikayat sa pamamagitan ng pagpapakita sa iyo na ikaw ay makasalanan, hinatulang mahiwalay sa Dios magpawalang-hanggan. Hindi mo maililigtas ang iyong sarili. Ipinaunawa sa iyo na si Jesus ay namatay dahil sa iyo. Kumilos Siya upang naisin mong talikdan ang mga kasalanan mo at tanggapin ang kapatawarang alok ni Jesus. Kanyang ginawang tunay si Cristo sa iyo at tinulungan kang tanggapin Siya bilang iyong Tagapagligtas.



2 Winasak ng Espiritu Santo ang kapangyarihan ng kasalanan at binigyan ka ng bagong likas at ginawa kang anak ng Dios.

*Roma 8:2. "Sapagka't ang kautusan ng Espiritu ng*

*buhay na nakay Cristo Jesus ay pinalaya ako sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan."*

*Roma 8:14. "Ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios ay sila ang mga anak ng Dios."*

**3** Dumating ang Espiritu Santo upang manahanan sa iyo, tumulong, umakay, at ipabatid sa iyo na ikaw ngayo'y anak ng Dios.

*1 Corinto 6:19. "O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios?"*

*Galacia 4:6. "At sapagka't kayo'y mga anak, ay sinugo ng Dios ang Espiritu ng Kanyang Anak sa ating mga puso, na sumisigaw, Abba, Ama."*

*Roma 8:15, 16. "Sapagka't hindi ninyo muling tinanggap ang espiritu ng pagkaalipin sa ikatatakot; datapuwa't tinanggap ninyo ang espiritu ng pagkukupkop, na dahil dito'y sumisigaw tayo, Abba, Ama. Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Dios."*

### Gawin Mo Ito

7. Ang mga hakbang na inilalarawan dito ay naranasan mo ba nang ikaw ay mahikayat?
8. Kung may bagay na nagkukulang sa iyong karanasan, balikan ang tatlong hakbang na ito saka idalangin ang bawa't isa. Hilingin sa Espiritu Santo na ganapin ang Kanyang gawain sa iyo.

## Kalusugang Espirituwal

Ang iyong katawan ay pinakakain mo, dinaramtan, at iniingatang mabuti. Bakit? Sapagka't ibig mong ito'y mabusog, guminhawa, lumakas, at lumusog. Kinakailangang ingatan mo rin ang iyong espiritu kung nais mong ito'y masiyahan, lumigaya, lumakas at lumusog.

Mahalaga ang panalangin sa iyong espiritu kung paanong kailangan ng iyong katawan ang hangin. Sa susunod na aralin, matututuhan mo kung paano tumutulong sa iyong pananalangin ang Espiritu Santo.




Ang Salita ng Dios ay pagkain ng iyong espiritu. Dumating ang Espiritu Santo upang tulungan kang unawain ang Biblia. Siya ang May-akda ng Biblia, kaya't nauunawaan Niyang lahat ang naririto. Noong araw, kinasihan ng Espiritu Santo ang mga taong pinili ng Dios upang isulat ang mga bagay sa Biblia na dapat mong malaman.

*2 Pedro 1:21. "Ang mga tao ay nagsalita buhat sa Dios, na nangaudyukan ng Espiritu Santo."*

Ipinangako ni Jesus sa mga alagad na sila'y tuturuan ng Espiritu Santo, pagdating Niya. Matapos mabautismuhan ang mga alagad sa Espiritu Santo nang araw ng Pentecostes, higit nilang naunawaan ang Salita ng Dios. Ngayon marami sa tumatanggap ng bautismo ng Espiritu Santo ang may gayon ding karanasan.

*Juan 14:26. "Ang Espiritu Santo ... ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi."*

*Nehemias 9:20. "Iyo rin namang ibinigay ang iyong mabuting espiritu upang turuan sila."*

Sa "*Catholic Pentecostals*" ni Kevin at Dorothy Ranaghan, mababasa mo ang maraming patotoong tulad nito:

> "Bigla akong nagkaroon ng matinding pagkaakit sa Kasulatan. Parang naging napakalinaw nito sa akin. At naging tunay na kagalakan ang manalangin."

> "Nagbalik ako sa aking dormitoryo at di nakatulog hanggang ika-3 ng madaling araw sa pagbabasa ko ng aklat ng mga Awit at Aklat ng Mga Gawa. Hindi ko mabitiwan ang Biblia. Ibig kong magbasa nang magbasa."

> "Mula noon, ang Espiritu Santo ay nagturo sa akin nang higit tungkol sa Kasulatan kaysa natutuhan ko sa sariling kusa. Parang buhay na buhay ang mga salita sa Biblia sapagka't si Cristo ang nabubuhay sa akin ngayon."

Gawin Mo Ito

9. Isaulo mo ang Juan 14:26

10. Pag-isipan ang sarili mong saloobin tungkol sa pagbabasa ng Biblia. Nawiwili ka ba? Ibig mo bang maunawaan ito nang higit? ______

11. Magpasalamat sa Dios dahil sa Biblia at sa karapatang makapanalangin. Bago mo basahin ang Biblia sa bawa't araw, hilingin sa Espiritu Santo na Siya'y mangusap sa iyo sa pamamagitan ng Salitang binabasa mo.

## Espirituwal na Paglago



Ilang ulit mo nang narinig na sinabi ng mga tao: "Tingnan mo ang batang iyon. Araw-araw ay lalong nakakamukha ng kanyang ama!" Karaniwan nga, habang lumalaki ang mga anak, nakakamukha nila ang kanilang mga magulang. Sa iyong panig, nakakamukha mo ang iyong Amang sumasalangit araw-araw? Kapag napaaakay ka sa Espiritu Santo sa bawa't araw, ikaw'y espirituwal na lalago. Makikita ng iba na taglay mo ang mga katangian ng iyong Amang sumasalangit. Ang mga katangiang ito'y tinatawag na bunga ng Espiritu.

*Galacia 5:22, 23. "Ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, pagpipigil."*



Nang ikaw'y sanggol pa, napakahina mo. Nguni't habang ikaw'y lumalaki, nagiging malakas ka. Marami ang mga bagong karanasan mo. Inaakay ng Dios ang Kanyang mga anak sa maraming bagong karanasang espirituwal: mga pagpapala, pagsubok, at gawaing dapat ganapin para sa Kanya. Makatutulong ang mga ito upang espirituwal kang lumago.

Ang Bautismo sa Espiritu Santo ay espirituwal na karanasang nais ng Dios na makamit ng lahat ng mga anak Niya. Tinatawag din itong "pagkapuspos ng Espiritu." Tandaang kalikas ng Dios Ama at ng Panginoong Jesu-Cristo ang Espiritu Santo. Ibig ng Espiritu Santo na ikaw'y puspusin upang ibabad ang buo mong sarili sa kalikasan ng Dios. Maibigin at banal ang likas ng Dios. Kaya't kung puspos ka ng Espiritu Santo, puspos ka rin ng pag-ibig at kabanalan.

Ilubog mo sa isang timbang tubig ang tuyong espongha. Sisipsipin nito ang bawa't patak na kaya nitong dalhin. Ahunin ang espongha at tutulo ang tubig. Kalugin mo, hampasin, pigain at ano ang mangyayari? Inilalabas ang tubig na taglay nito. Ikaw ang espongha. Nais kang bautismuhan ni Jesus sa Espiritu Santo, ilubog sa Espiritu ng Buhay hanggang sa masipsip mo ang Kanyang likas patungo sa bawa't bahagi ng iyong katauhan. Kapag puspos ka na sa Espiritu Santo, maaari kang alugin ng mga suliranin, hampasin ng mga tao, subali't lahat ng panggigipit sa buhay ay magpapalabas lamang sa taglay mong pag-ibig ng Dios.



Ganito ang salaysay ni John L. Sherill, may-akda ng *"They Speak With Other Tongues"*, tungkol sa kanyang pagkapuspos ng Espiritu Santo. Siya'y isang Episcopal.

> "Nang sandaling ako'y binabautismuhan ng Espiritu Santo, iisang bagay ang lumukob na damdamin sa akin: Ako'y pinaliguan, pinalibutan, hinugasan ng pag-ibig ... Abala tayong lubha sa kapangyarihan ng Espiritu Santo. Nguni't ang likas ng kapangyarihang ito, sa palagay ko, ay pag-ibig."
>
> Ang lihim na sangkap ng ganitong uri ng kabanalang bumabago, naisip ko, ay ang pag-ibig. Nang maranasan ko ang pag-ibig bilang isang dakilang karanasang kaugnay ng Bautismo sa Espiritu Santo, natuklasan kong ako'y luminis, tumibay, gumaling. Nadama ko ang isang uri ng kaganapang hindi ko pinangarap man lamang.

**Gawin Mo Ito**

**12. Isaulo ang Galacia 5:22, 23.**

**13. Alin sa bunga ng Espiritu ang ibig mong sumagana sa iyong buhay?**

______________________________

______________________________

**14. Sabihin ang dalawang katangian ng likas ng Dios na dapat makita sa mga anak Niya.**

______________________________

______________________________

## ANG BUHAY NA MAY LAYUNIN

Hindi ka isinilang upang ingatan lamang ang iyong sarili. Ang iyong buhay pisikal ay may layuning higit kaysa pag-aalaga lamang sa iyong katawan. At ang buhay espirituwal ay higit pa kaysa pag-aalaga ng iyong espiritu. Isinilang ka upang makibahagi sa dakilang palatuntunan ng Dios. May tanging panukala Siya para sa iyo - - isang gawaing ikaw lamang ang gaganap.

Nais kang tulungan ng Espiritu Santo na umangkop sa panukala ng Dios. Paakay ka sa Kanya at matutuklasan mo ang tunay na kahulugan at layunin ng buhay. Bibigyan ka Niya ng dahilan upang ikabuhay at ikamatay - - ang gawain ni Cristo. Gagawin ka Niyang isang saksi ni Cristo sa dalawang paraan: sa pamamagitan ng iyong nabagong buhay at pananalita. Itatatag ang mga paa mo sa daan patungong Langit at tutulungan kang mag-anyaya ng mga iba upang sumama sa iyo pauwi sa Langit.

*Mga Gawa 1:8. "Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan pagdating sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi Ko."*

**Gawin Mo Ito**

**15. Pasalamatan ang Espiritu bilang iyong Kaibigan at Katulong.**

**16. Masasambit mo ba ang Job 33:4; Juan 14:26; Galacia 5:22,23?** ________________

## BAGONG KAGALAKAN SA PANANALANGIN

Ito ang mga patotoo ng mga estudyanteng Catolico na nabautismuhan kamakailan ng Espiritu Santo:

> "Nagkaroon ng pagbabago sa panalangin, pagbabagong naging simula ng lalong matibay na buhay na may pananampalataya... Marami ang naakit na gumugol ng mahahabang oras sa pananalangin ng pagpupuri sa Dios."
>
> "Naging tunay na kagalakan ang manalangin – gayon na lamang ang pagkadama ko sa pakikisama at pag-ibig ng Dios at nagugunita kong halos kalahating oras akong nakaupo sa loob ng kapilya, na tumatawa dahil sa kagalakan ko sa pag-ibig ng Dios."
>
> "Pinakamaligayang sandali ang oras na ginugugol ko sa pananalangin. Napagkikilala ko ngayon ang kagalakan ng pananalangin...hindi ko kailanman nagawang purihin ang Dios. Nguni't ngayo'y ibig kong idalangin ang anumang nais kong kamtin o ipagpasalamat, pagka't alam kong ito'y dapat gawin ng bawa't mabuting *Cristiano* upang lalong malapit sa Dios at mapasulong ang kanyang buhay. Magalak na karanasan ngayon ang manalanging nagpupuri sa Dios. Naranasan ko ang matinding kalapitan at kagalakan habang ako'y nananalangin.
>
> "Kung dapat kong sabihin ang naging bisa sa buhay ko ng Bautismo sa Espiritu Santo, matapat kong masasabi na ginawa nitong kawili-wili ang karanasan ng pagiging *Cristiano*. Nalasap ko ang buhay na walang-hanggan sa pagkakilala kay Cristo at sa Dios Ama. Hindi na ako natatakot tumawag sa Espiritu Santo, upang humingi ng patnubay, kaaliwan, at lakas para sa pamumuhay ko bilang *Cristiano*."

-Hinalaw mula sa *Catholic Pentecostals*,
ni Kevin at Dorothy Ranaghan.
©1969 ng The Missionary Society of St. Paul
the Apostle in the State of New York,
Paulist Press Deus Books, N.Y., N.Y.
10019. Ginamit ng may pahintulot.

Aralin 3

## ANG ESPIRITU SANTO AY TUMUTULONG SA IYONG MANALANGIN

**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

- ⌘ Tinuturuan Ka Ng Espiritu Na Manalangin
- ⌘ Tinutulungan Ka Ng Espiritu Na Sumamba Sa Dios
- ⌘ Tinutulungan Ka Ng Espiritu Na Magtapat
- ⌘ Ipinakikita Sa Iyo Ng Espiritu Ang Dapat Hingin
- ⌘ Mananalangin Sa Pamamagitan Mo Ang Espiritu

### TINUTURUAN KA NG ESPIRITU NA MANALANGIN

Ano ang panalangin sa iyong pang-araw-araw na buhay—isang tungkulin, o kawili-wiling pakikipag-usap sa Dios? Waring malapit ba ang Dios kung nananalangin ka? Tinutugon ba ang mga dalangin mo? Nais mo bang kumilos na kasama ang Dios sa pamamagitan ng panalangin at makakita ng kahanga-hangang ibubunga nito? May Kaibigan kang bihasa sa pagtuturo sa mga tao kung paano mananalangin—Siya'y ang Espiritu Santo.

Pinag-aralan mo kung paano ginagawang tunay ng Espiritu Santo ang Dios sa iyo. Habang ipinakikita Niya kung gaano ka kamahal ng Dios, lalo mo namang minamahal ang Dios at ibig mong makapiling Siya nang matagal sa pananalangin. Alam mong nagmamalasakit ang Dios sa iyo kaya't buong tiwala mong mahihingi sa Dios ang anumang kailangan mo.

Ang Espiritu'y nagbibigay sa iyo ng pananampalataya upang humingi at ng katiyakang dinirinig ka naman ng Dios. Ginagamit Niya ang Salita ng Dios upang turuan kang manalangin. Sinasabi sa iyo sa Biblia ang dapat idalangin, paano dadalangin, at ano ang dapat asahan sa pananalangin. Ang mga pangako ng Dios ay ginagawang tunay sa iyo ng Espiritu at tinutulungan kang angkinin ang mga ito.

Ang pananalangin ay pakikipag-usap sa Dios. Maaaring sumasambit ka ng mga salita, o kaya nama'y matahimik na nakatuon sa Dios ang isip mo. Sa panalangin dapat kang makinig din sa Dios bukod sa iyong pagsasalita. At kung kinakausap mo ang Dios, dapat mong gawin ang tatlong bagay:




1. Sumamba ka sa Dios
2. Ipagtapat ang iyong pagkukulang
3. Hingin ang iyong nais




Ang panalangin mo'y tulad sa gulong na tumutulong sa iyo upang sumulong ka sa pagiging Cristiano at sa paglilingkod mo sa Dios. Ang gulong ay hindi



makararating sa malayo kung may bahaging kulang. Ikaw'y ibig tulungan ng Espiritu Santo sa bawa't bahagi ng iyong pananalangin.

**Gawin Mo Ito**

1. Ano ang pananalangin? ____________
______________________________
2. Sabihin ang tatlong sangkap ng panalangin.
______________________________
______________________________
______________________________

## TINUTULUNGAN KA NG ESPIRITU NA SUMAMBA SA DIOS

Ano ang bahagi ng pagsamba sa iyong pananalangin? Sa pagsamba'y ipinahahayag mo ang iyong pag-ibig sa Dios. Kung walang pag-ibig, walang tunay na pagsamba, wala maliban sa panlabas na kilos. Dinadala ka ng Espiritu sa harapan ng Dios at tinutulungan kang tumugon sa Kanyang pag-ibig. Kung minsan, ang titik ng isang imno'y nagsasaad ng nadarama mong pag-ibig, kaya't aawit ka sa Dios. Kung minsan naman, pinupuri mo Siya nang malakas o kaya'y sa pamamagitan ng tahimik na pagpapahalaga at pasasalamat sa Kanyang kabutihan.



*Efeso 2:18. "Dahil kay Cristo, tayo'y kapwa makalalapit sa Ama sa pamamagitan ng Espiritu."*

*Filipos 3:3. "Tayo... Ang pagsamba natin sa Dios ay sa Espiritu at na kay Cristo Jesus ang ating kagalakan."*

*Juan 4:24. "Ang Dios ay Espiritu; at ang mga sa Kanya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at sa katotohanan."*

Sinulat ng dakilang tagapangaral na si Charles Finney:

> "Nang pumasok ako sa silid at ipinid ang pinto, wari bang nakaharap ko nang mukhaan ang Panginoong Jesu-Cristo... wala Siyang sinabi, nguni't tiningnan ako, anupa't para akong binabalaning nanangis sa Kanyang paanan. Para akong batang maliit na nag-umiyak at pahikbi-hikbing nagtapat sa Kanya ng aking mga kasalanan... At pagbaling ko upang umupo sa malapit sa painitan, tinanggap ko ang makapangyarihang Bautismo ng Espiritu Santo... Kulang ang mga salita upang sabihin ang kahanga-hangang pag-ibig na pumuno sa aking puso. Nanangis ako sa malaking kagalakan at pag-ibig."

Ibig mo ba na ang pagsamba ay maging bahagi ng iyong pang-araw-araw na pamumuhay? Mangyayari ito kung makikipagtulungan ka sa Espiritu Santo sa limang paraan.



1 Bumasa ng isang Awit bawa't araw. Makatutulong sa iyo ang Mga Awit upang lalo mong pahalagahan ang Dios.

2 Pansinin mo ang mga panalangin sa Biblia. Ang mga ito'y magsisilbing halimbawa para sa iyo.

3 Sa pananalangin, sambahin mo muna ang Dios bago mo hingin ang iyong kailangan sa Kanya. Isipin kung ano ang nais Niya at hindi lamang ang nais mo.

*Awit 100:4. "Magsipasok kayo sa Kanyang mga pintuang-bayan na may pagpapasalamat, at sa Kanyang looban na may pagpupuri: mangagpasalamat kayo sa Kanya, at purihin ninyo ang Kanyang pangalan."*

4 Umawit ng mga awit ng pagsamba at pasasalamat. Umawit sa Dios sa tahanan o sa iglesya. Isipin ang mga titik at damahin ang kahulugan ng awit. Maaari kang bigyan ng Espiritu ng bagong awit ng pagsamba sa Dios.

*Efeso 5:18-20 "Sikapin ninyong mapuspos ng Espiritu Santo. Ipahayag ang damdamin sa pamamagitan ng salmo, imno. Buong pusong umawit at magpuri.. Laging magpasalamat sa Dios at Ama sa pangalan ng ating Panginoong Jesu-Cristo."*

5 Patulong ka sa Espiritu Santo. Maraming nangapuspos ng Espiritu Santo ang nagsasalaysay na nakasumpong sila ng panibagong kagalakan at kalayaan sa pagsamba. Ikaw rin ay nais tulungan ng Espiritu Santo sa ganyang paraan.



Gawin Mo Ito

3. Ano ang pagsamba? ______________________

______________________________________

4. Pasalamatan ang Dios sa pagsusugo ng Espiritu Santo upang tulungan kang sumamba sa Kanya. Patulong sa Espiritu Santo upang masamba mo ang Dios. Pagkatapos, sa loob ng limang sandali, pasalamatan at purihin at sambahin ang Dios nang walang hinihinging anuman sa Kanya.
5. Basahing malakas patungkol sa Dios ang Awit 145. Pagkatapos, pumili ng awit ng pagsamba at awitin ito para sa Dios.
6. Itala ang mga bagay na ipagpapasalamat mo sa Dios.

## TINUTULUNGAN KA NG ESPIRITU NA MAGTAPAT

Nadama mo na bang parang ayaw lumampas sa dingding ang panalangin mo at hindi makaabot sa Dios? Ang Espiritu Santo ay nagnanais tumulong sa iyo upang maalis ang anumang hadlang sa iyong pananalangin. Isipin mo kung paano ang kilos ng isang batang sumusuway sa kanyang ama. Natutuwa ba siyang makita ang kanyang ama? Sumasalubong ba siya o umiiwas?



Kahit na kailangan niya ang tulong ng kanyang ama, pinipigil siya ng kanyang kasalanan. Kinakailangan niyang ipagtapat ang kanyang nagawa, humingi ng tawad, at huwag nang sumuway pa. Kapag ito'y ginawa niya, muli niyang ikasisiya ang pagmamahal

ng kanyang ama, at buong tiwalang makahihingi ng tulong mula sa kanyang ama.

Gayon din ang nangyayari sa pagitan natin at ng Dios.




Gayunman, madalas tayong bulag sa ating mga pagkukulang. Kaya't tinutulungan tayo ng Espiritu Santo upang makita natin kung saan tayo nagkulang, at kung gaano kasama ang kasalanan. Tinutulungan tayong ipagtapat ito sa Dios. Kung nagkasala tayo sa ating kapwa, pinahihingi tayo ng tawad at tinutulungan tayong magsikap upang maituwid ang lahat. Ang ganito'y naging bahagi ng mga pagpapanibagong-sigla mula pa nang panahon ng Banal na Kasulatan.

Maraming halimbawang ibinibigay si Jonathan Goforth sa kanyang *"When the Spirit's Fire Swept Korea"*. Maraming buwan nang nananalangin ang mga misyonerong Presbyterian at Methodist upang magkaroon ng pagpapanibagong-sigla. Naganap nga ito at nagpatuloy sa loob ng maraming taon at nagbunga ng matitibay at espirituwal na iglesya. Nagsimula ito sa isang gawaing-misyon sa Ping Yang.

> "Samantalang ginaganap ang pulong sa karaniwang kaayusan, marami ang nagpasimulang umiyak at magpahayag ng kanilang kasalanan. Sinabi ni G. Swallen na noon lamang siya nakadalo sa gayong nakapagtatakang gawain. Nagpaawit siya ng isang imno, upang masugpo ang madamdaming simoy na kumakalat sa kapulungan. Subali't makailang-ulit siyang nabigo. Saka niya napagkilalang may Ibang Namamahala sa gawaing iyon."

Pagkaraan nito, inasam ng inang iglesya sa Ping Yang na magtatamasa sila ng isang tanging pagpapala sa kanilang Linggo ng Panalangin, subali't waring di-tinugon ang kanilang panalangin. Nang huling gabi, nagitla ang may 1,500 katao nang tumindig ang pangunahing kaanib ng iglesya, si G. Keel, at sinabing hindi magbubuhos ng pagpapala ang Dios dahil sa kasalanan niya. Bago raw namatay ang isang kaibigan,

sinabihan siyang pamahalaan ang naiwanan nitong ari-arian. Subali't inangkin niya ang malaking halaga mula rito. Matapos magtapat, aniya: "Ibabalik ko bukas ng umaga ang salaping iyon sa kanyang balo."

> "Pagdaka'y nadama ng lahat na nawala na ang hadlang at dumating ang Dios, ang Kabanal-banalan. Naantig ang lahat; nadama nila ang kani-kanilang taglay na kasalanan. Ikapito ng gabi nang simulan ang gawain, subali't ikadalawa ng madaling-araw na'y marami pa ang nag-iiyakan, at naghihintay ng pagkakataon upang magtapat.
>
> Nagbunga ang maraming buwan ng pananalangin, sapagka't nang dumating ang Espiritu Santo, ginawa Niya sa loob ng kalahating araw ang magagawa sa kalahating taon ng lahat ng mga misyonero roon. Wala pang dalawang buwan ang nakaraan, mahigit nang dalawang libo ang nahikayat sa Panginoon.
>
> Nang kalagitnaan ng 1907, may 30, 000 ang naitalang nahikayat at nakaanib sa iglesya sa Ping Yang. Malinaw na makikitang ang pagpapanibagong-sigla'y hindi napawi kahit nang taong 1910, sapagka't nang buwan ng Oktubre ng taong iyon, 4,000 ang nabautismuhan sa loob ng isang linggo lamang.

Ang naganap sa Ping Yang ay ulit-ulit na nangyari sa buong mundo, sa maraming iba't ibang iglesya. Kapag hinayaan ng mga Cristiano na siyasatin ng Espiritu ang kanilang kaluluwa, mabubunyag ang mga hadlang sa pagpapanibagong-sigla.



Kapag ipinagtapat ng mga Cristiano ang kanilang kasalanan at nakipag-ayos sa Dios at sa kapwa tao, magagamit sila ng Dios sa ikadadakila ng Kanyang pangalan. Dumarating ang pagpapanibagong-sigla. Natutugon ang mga panalangin. Naliligtas ang mga kaluluwa.

*2 Cronica 7:24. "Kung ang Aking bayan na tinatawag sa pamamagitan ng Aking pangalan ay magpakumbaba at dumalangin, at hanapin ang Aking mukha, at talikuran ang kanilang masamang mga lakad; Akin ngang diringgin sa langit, at ipatatawad Ko ang kanilang kasalanan, at pagagalingin Ko ang kanilang lupain."*

*1 Juan 1:8, 9. "Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin. Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan."*

*Awit 139:23, 24. "Siyasatin Mo ako, Oh Dios, at alamin Mo ang aking puso; subukin Mo ako, at alamin Mo ang aking mga pag-iisip: at tingnan Mo kung may anumang lakad ng kasamaan sa akin, at patnubayan Mo ako sa daang walang hanggan."*




*Awit 19:12, 14. "Sinong makakikita sa kanyang mga kamalian? Patawarin mo ako sa lihim kong kamalian. Maging kalugod-lugod nawa ang mga salita ng aking bibig, at ang pagbubulay ng aking puso sa Iyong paningin, Oh Panginoon, na aking Malaking Bato, at aking Manunubos."*

Gawin Mo Ito

7. Isaulo ang 2 Cronica 7:14.
8. Kung may Biblia ka, basahin ang Awit 51 sa diwa ng pananalangin.
9. Isaulo ang Awit 139:23, 24 at Awit 19:12, 14. Sambitin ito sa Dios at hintayin ang Kanyang pagtugon sa iyo. Hingin sa Espiritu Santo na ipakita sa iyo ang mga pagkukulang mo. Pagkatapos, ihingi ito ng tawad at tulong upang maituwid mo. Gawin ang iaatas Niyang gawin mo. Magpasalamat sa Dios dahil sa dugo ni Jesus na lumilinis sa kasalanang iyong ipinagtapat.

## IPINAKIKITA SA IYO NG ESPIRITU ANG DAPAT HINGIN

Inuudyukan ka ng Espiritu Santo na hingin sa Ama ang kailangan mo. Ipinagugunita Niyang idalangin mo ang pangangailangan ng iba. At pinalalakas ang pananampalataya mo upang panaligan mong ibibigay ng Dios ang anumang iyong hingin.

*Roma 8:15. "Sapagka't hindi ninyo muling tinanggap ang espiritu ng pagkaalipin sa ikatatakot; datapuwa't tinanggap ninyo ang espiritu ng pagkukupkop, na dahil dito'y sumisigaw tayo, "Abba, Ama!"*

*Filipos 4:6. "Huwag kayong mangabalisa sa anumang bagay; kundi sa lahat ng mga bagay, sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pagpapasalamat ay ipakilala ninyo ang inyong mga kahilingan sa Dios."*

Subali't kung minsan hindi natin alam kung ano ang ating kailangan. Maaaring ang mahingi mo'y maling bagay. Kaya't naririyan ang iyong matulunging Kaibigan, ang Espiritu Santo, upang ipaisip ang dapat mong hingin sa pananalangin para sa iyong sarili at para sa iba.

Minarapat ng Dios na kumilos sa pamamagitan ng iyong pananalangin. Kailanma't may pangangailangan, sinasabi Niya sa Kanyang mga anak na sila'y manalangin. Pagkatapos, ginagawa Niya ang

nararapat bilang tugon sa kanilang dalangin. Ganito Siya kung magligtas ng mga kaluluwa, magpairal ng pagpapanibagong-sigla, sa Kanyang pagpapagaling sa maysakit, paglutas ng mga suliranin, at pagkakaloob ng ating kailangan. Ibinibigay ng Dios ang pananagutan sa iyo upang idalangin ang iyong mag-anak, mga kaibigan, ang iyong iglesya, bansa at ang sanlibutan. May bisa ang panalangin mo sa gawain ng Dios sa buong sanlibutan.




Maaaring antigin ka ng Espiritu Santo na idalangin ang isang tao, kahit di mo alam kung ano ang kailangan niya. Baka naghihingalo ang taong iyon , o nasa panganib, o nasa mahigpit na pagtukso, o kaya'y nangangailangan ng di-pangkaraniwang lakas upang maganap ang gawain ng Dios. Tutulungan siya ng iyong mga dalangin.

Ang wika ng isang Cristianong taga-Portland, Oregon, sa kanyang pastor, si Joseph Bogue: "Kahanga-hanga ang naranasan ko ngayon. Sinabi ng Dios na idalangin ko ang isang Alva Walker sa Aprika. Nanalangin ako hanggang sa madama kong tumugon na ang Dios." Doon pala sa Aprika'y nakabingit sa kamatayan si Alva Walker dahil sa matinding lagnat. Habang nananalangin ang di-kilalang kaibigan sa kabilang ibayo ng kanyang kinaroroonan, si Alva ay nakatulog at pagkagising ay pagaling na. Naligtas ang buhay niya sapagka't may isang sumunod sa Espiritu.




*Efeso 6:18. "Magsipanalangin kayo sa Espiritu ng lahat ng panalangin at daing sa buong panahon, at mangagpuyat sa buong katiyagaan at daing na patungkol sa lahat ng mga banal."*

**Gawin Mo Ito**

**10. Isaulo ang Filipos 4:6; Efeso 6:18.**

## MANANALANGIN SA PAMAMAGITAN MO ANG ESPIRITU

Mananalangin sa pamamagitan mo ang Espiritu Santo, sa sarili mong wika, at may alab na higit kaysa likas mong pananalangin. Maaaring ito'y dahil sa nadama mong pangangailangan. O ito'y pangangailangan ipinadama ng Espiritu sa iyo habang pinapatnubayan Niya ang iyong isip at damdamin. Masidhing dumadaloy mula sa kaibuturan ng iyong puso ang pananalangin. At sumasamo naman sa Dios ang Espiritu para tugunin ang pangangailangang idinadalangin mo.

Sa iyong pananalangin, maaaring madama mo ang bigat ng isang pasanin, na parang sarili mong suliranin. Mananalangin sa pamamagitan mo ang Espiritu lakip ang pagtangis dahil sa nadadamang pangangailangan, bagama't hindi mo lubos na maunawaan.

*Hebreo 5:7. "Si Cristo ay naghandog ng mga panalangin at mga daing na sumisigaw ng malakas at lumuluha doon sa may kapangyarihang makapagligtas."*

*Roma 8:26, 27. "At gayon din naman ang Espiritu ay tumutulong sa kahinaan: sapagka't hindi tayo marunong manalangin ng nararapat; ... Siya ang namamagitan dahil sa mga banal, alinsunod sa kalooban ng Dios."*

Kung minsan, nanaisin ng Espiritu na manalangin sa pamamagitan mo, sa wikang hindi mo alam nguni't alam Niya at ng Ama. Ang tawag dito ni Pablo ay pananalangin sa ibang wika, o "glossolalia". Sa ibang salin ito'y "pagsasalitang may kakaibang himig" sapagka't ang anumang wikang hindi natin nauunawaan ay kakaibang himig para sa atin.

Nananalangin sa pamamagitan mo ang Espiritu Santo para sa mga suliraning hindi mo na kailangang lubusang mabatid. Siya ang makadaraig sa lakas ni Satanas na humahadlang sa iyong pananalangin. Inaangkin ng Espiritu Santo ang tagumpay para sa iyo at tinutulungan kang magpuri sa Dios na tumutugon sa dalangin mo. Sa wikang makalangit ay



ipinahahayag Niya ang pag-ibig na di mo maipahayag, ang pangangailangang nagpapabigat sa loob mo, o ang pagpupuring nag-uumapaw sa puso mo.

Itinuro ni Pablo sa iglesya sa Corinto na kanilang hayaang manalangin sa pamamagitan nila ang Espiritu, sa wikang di-nila nauunawaan. Subali't hindi ito dapat pumawi sa kanilang pananagutang manalanging may pagkaunawa. Mahalaga kapwa ang dalawang uri ng pananalanging ito.

*1 Corinto 14:2, 14, 15. "Ang nagsasalita ng wika ay hindi sa mga tao nagsasalita, kundi sa Dios, sapagka't walang nakauunawa sa kanya; kundi sa espiritu ay nagsasalita ng mga hiwaga. Sapagka't kung ako'y nananalangin sa wika, ay nananalangin ang aking espiritu, datapuwa't ang aking pag-iisip ay hindi namumunga. Ano nga ito? Mananalangin ako sa espiritu, at mananalangin din naman ako sa pag-iisip."*

Inaalok ka ng Dios ng kawili-wiling pakikipagsapalarang kasama Niya. Paunlakan mo ang Espiritu Santo na ikaw'y akayin, turuang manalangin, at manalangin sa pamamagitan mo. Makikita mo ang maraming kahanga-hangang tugon sa mga panalangin kapag iyong tinanggap ang ministeryong ito.



## Gawin Mo Ito

11. Isaulo ang Roma 8:26, 27. Nais mo ba na ang Espiritu Santo ay manalangin sa pamamagitan mo? Kausapin mo Siya tungkol dito.

12. Nais mo ba ng ministeryo ng pananalangin? Magsimula na ngayon. Hingin sa Espiritu Santo na ipadama sa iyo ang Kanyang pamamatnubay. Gamitin ang mga pagkakataon upang manalangin sa iglesya at sa tahanan. Kung maaari, makiisa sa mga kaibigan para sa isang oras na pananalangin - mga kaibigang marunong manalangin ayon sa udyok ng Espiritu.

13. Masasambit mo ba ang 2 Cronica 7:14; Awit 139:23, 24; Awit 19:12, 14; Filipos 4:6, Efeso 6:18; Roma 8:26, 27?

## LUMAKAD AYON SA ESPIRITU

May 32,000 pangako sa Salita ng Dios, at bawa't isa'y nasasalig sa pagganap ng tao sa hamon ng Dios upang tanggapin at maingatan ang banal na pagpapala ng Dios.

Sumulat si Pablo sa mga taga-Galacia ng ganito: "Kung napuspos kayo ng Espiritu, lumakad kayo ayon sa Espiritu." Ang mga mananampalataya sa Corinto ay nangapuspos ng Espiritu subali't hindi nila nakita ang pananagutang lumakad ayon sa Espiritu. Kaya't malungkot na ipinahayag ng apostol, "Kayo'y nasa laman... at lumalakad ayon sa panuntunan ng tao."

Gaano man karaming kaloob na espirituwal ang tanggapin ng isang tao mula sa Dios, wala siyang magaganap malibang lumakad siya ayon sa Espiritu. Halimbawa, naparito ang Espiritu Santo upang patnubayan ang mananampalataya sa buong katotohanan, subali't paano Niya magaganap ang gawaing ito sa buhay ng mananampalataya kung hindi mag-aaral ng Salita ng Katotohanan?

Ang Espiritu Santo ay naparito (Gawa 1:8) upang bigyan tayo ng kapangyarihan at kakayahang maging saksi, subali't paano Niya bibigyan ng kapangyarihan ang isang ayaw magpatotoo? Muli, iniaalok ng Espiritu Santo ang Kanyang dakilang ministeryo ng pagtulong sa mananampalataya sa pananalangin, subali't paano Niya isasagawa ito kung ang naturang mananampalataya ay hindi nananalangin at nagpapabaya sa kanyang buhay mapanalanginin, o kaya'y hindi pumapansin sa Espiritu Santo kahit siya nananalangin?

Lahat ng handog ng Dios bilang tugon sa pagtatalaga o pagpapabanal ng tao ay biglaang ipinagkakaloob... Subali't ang bunga ng Espiritu ay lumilitaw lamang habang lumalakad ang tao ayon sa Espiritu, at araw-araw na ipinaiilalim ang kanyang katawan sa pag-aakay ng Espiritu at kanyang ginagamit ang banal na mga kaloob ng Dios. "Lumakad ayon sa Espiritu."

-Mula sa The Baptism in the Holy Spirit
Ni Willard Cantelon, Ebanghelista ng
Assemblies of God. © 1951 ni Willard Cantelon
Gospel Publishing House, Springfield, Missouri 65802

# ANG ESPIRITU SANTO AY UMAAKAY SA IYO

**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

- ⌘ May Kaibigan Ka Na Aakay Sa Iyo
- ⌘ Inaakay Ka Sa Pamamagitan Ng Salita Ng Dios
- ⌘ Inaakay Ka Sa Pamamagitan Ng Iglesya
- ⌘ Inaakay Ka Sa Pamamagitan Ng Mga Kaloob Na Espirituwal
- ⌘ Inaakay Ka Sa Pamamagitan Ng Mga Pangitain At Mga Panaginip
- ⌘ Inaakay Ka Sa Pamamagitan Ng Mga Pangyayari At Mga Paniniwala

## MAY KAIBIGAN KA NA AAKAY SA IYO

Ilang ulit mo nang naitanong sa iyong mga kaibigan, "ano ang dapat kong gawin, sa palagay mo?" Ang iba nama'y umaasa sa mga manghuhula. Nguni't may Isa



na iyong maasahan higit kanino man. Ikaw ay may Isang Kaibigan na nakababatid sa hinaharap. Alam Niya ang pinakamabuti para sa iyo. Siya ay nagmamahal sa iyo at nagnanais na akayin ka sa lahat ng dapat mong pagpasiyahan. Siya ay ang Espiritu Santo, ang iyong Matulunging Kaibigan.

*Galacia 5:16, 25. "Magsilakad kayo ayon sa Espiritu, at hindi ninyo gagawin ang mga pita ng laman. Kung tayo'y nangabubuhay sa pamamagitan ng Espiritu, ay mangagsilakad naman tayo ayon sa Espiritu."*

Gawin Mo Ito

1. Isaulo ang Galacia 5:16, 25.
2. Isaulo ang mga paraan ng pag-aakay ng Espiritu, gaya ng nasasaad sa "Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo."

## INAAKAY KA SA PAMAMAGITAN NG SALITA NG DIOS



Ang Biblia ay mapa na daraanang ginagamit ng Espiritu Santo upang akayin ka sa Langit. Tinutulungan ka Niya bawa't araw upang iangkop sa kalagayan mo ang itinuturo ng Salita ng Dios. Kaya nga, mahalagang basahin mo ang Biblia araw-araw.

Kung minsa'y mangungusap sa iyo ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng ilang talatang nabasa mo. Karaniwan nang patotoo ng mga Cristiano: "May suliranin ako at di ko alam ang gagawin. Sa pagbabasa ko ng isang talata sa Biblia, waring umangat ito sa pahina, upang tumugon at lumutas sa suliranin ko."

Kapag isinasaulo mo ang mga talata sa Biblia, nagiging madali para sa Espiritu na akayin ka. Kung natutukso kang gumawa ng di tama, maaaring gumuhit sa isip mo ang isang talata, hudyat na ikaw'y tumigil. "Nakikita Mo ako, Oh Dios!" Ito'y ipinagunita ng Espiritu Santo sa maraming Cristianong muntik nang mahulog sa tukso.



*Awit 119:9. "Paano lilinisin ng isang binata ang kanyang daan? Sa pagdinig doon ayon sa Iyong salita."*

Mangungusap din sa iyo ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagtuturo ng Biblia. Maaaring ito'y sa pangangaral sa iglesya, radyo, samahan sa Biblia, sa babasahing Cristiano, at sa pag-aaral tulad nito. Pinili Niyang gamitin ang mga paraang ito upang



akayin ka sa lubos na katotohanan. Tandaan ang Juan 16:13.

**Gawin Mo Ito**

3. Sambitin ang Juan 16:13.
4. Isaulo ang Awit 119:9.
5. Gumuhit na ba sa isip mo ang isang talata sa Biblia at naging tulong sa dapat mong gawin?
   ______________________________
6. Isinasaulo mo ba ang lahat ng talatang ipinasasaulo sa iyo sa kursong ito? ________
7. Paano mo inaasahang tutulong sa iyo ang mga talatang ito? ______________________
   ______________________________
   ______________________________

## INAAKAY KA SA PAMAMAGITAN NG IGLESYA

Paano natututong lumakad, magsalita, tumakbo, maglaro, at gumawa ang isang bata? Sa pamamagitan ng kanyang pamilya! Ang ama, ina, at mga kapatid ay nagtuturong lahat sa bata ng dapat nitong gawin at kung paano gagawin ang isang bagay.

Nang ikaw'y ipanganak na muli, ginawa kang kaanib ng pamilya ng Dios - - ang iglesya ng Panginoong Jesu-Cristo. Inaasahan ng Espiritu na tatanggapin mo ang tulong ng iyong mga kapatid kay Cristo. Malaking tulong ang kakamtin mo kapag umanib ka sa isang iglesyang lokal. Tiyakin mo lamang na ito'y iglesyang nananalig sa Biblia, sumusunod sa Salita ng Dios, kumikilala at nagtuturo tungkol sa gawain ng Espiritu Santo.

Naglagay si Cristo ng mga pastor, guro, at iba pang tagapanguna sa iglesya. Binibigyan sila ng Espiritu Santo ng mga natatanging kaloob at kapangyarihan upang magampanang mabuti ang kanilang gawain.

*Efeso 4:12. "Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo."*

Dapat maging puspos ng Espiritu Santo ang bawa't kaanib ng iglesya. Kapag inaakay ng Espiritu Santo ang mga kaanib at mga tagapanguna, nagkakaisang gumagawa ang buong iglesya. Bawa't isa'y gaganap ng kanyang bahagi sa panukala ng Dios.

**Gawin Mo Ito**

**8. Kaanib ka ba ng isang iglesya lokal? _____
Anong denominasyon? ____________________________________________________**

**9. Ano ang gawain mo sa inyong iglesya?
__________________________**

**10. Idalangin mo ang inyong pastor at ibang tagapanguna sa iglesya upang patuloy silang mangapuspos ng Espiritu Santo.**

## INAAKAY KA SA PAMAMAGITAN NG MGA KALOOB NA ESPIRITUWAL



Ang Espiritu Santo ay may mga kaloob para sa bawa't Cristiano. Ibig Niyang tanggapin natin ang mga kaloob na ito upang matulungan natin ang iba.

*1 Corinto 12:4, 7. "May iba't ibang mga kaloob, datapuwa't iisang Espiritu. Datapuwa't sa bawa't isa ay ibinibigay ang pagpapahayag ng Espiritu upang pakinabangan naman."*

Nabasa mo ang tungkol sa mga kaloob na pananampalataya, paggawa ng mga himala, at pagpapagaling. Narito ang iba pang kamangha-manghang kaloob ng Espiritu:

*1 Corinto 12:8, 10. "Sapagka't sa isa, sa pamamagitan ng Espiritu ay ibinibigay ang salita ng karunungan; at sa iba'y ang salita ng kaalaman ayon din sa Espiritu ... sa iba'y hula; at sa iba'y ang pagkilala sa mga espiritu; at sa iba'y ang iba't ibang wika; at sa iba'y ang pagpapaliwanag ng mga wika."*

Maaaring ibigay ng Espiritu sa inyong pastor o sa ibang Cristianong puspos ng Espiritu ang pahayag ng karunungan o kaalamang kailangan mo. O kaya'y darating nang tuwiran sa iyo ang pahayag na ito bilang isang masidhing pagkadama o pagkaunawa. Bigla mong mauunawaan ang kalooban ng Dios para sa isang pangyayari. Dumarating ang kapahayagan ng tungkol sa kahulugan ng isang talata at ang bisa nito sa iyong suliranin. Binibigyan ka ng Dios ng pananalitang dapat sabihin sa taong nangangailangan ng tulong.

Kapag sinabi mo sa mga tao ang tungkol sa Panginoon o nagturo ka ng Biblia, kailangan mo ang pag-aakay ng Espiritu Santo. Kailangan ng mga magulang ang karunungang mula sa Dios upang mapayuhan nang tumpak ang kanilang mga anak. Ang gawain ng Espiritu Santo ay para sa pang-araw-araw na pamumuhay, hindi lamang kung may krisis.

*Efeso 1:17. "Ipagkaloob sa inyo ... ang Espiritu ng karunungan."*

*Exodo 35:31. "At Kanyang pinuspos siya ng Espiritu ng Dios tungkol sa karunungan, sa pagkakilala, at sa kaalaman, at sa lahat ng sari-saring gawain."*

Ang hula, pagsasalita ng mga wika, at ang pagpapaliwanag ng mga wika ay mga paraan ng pagsasalita ng Espiritu Santo sa kapulungan. Ang hula ay pahayag ng Dios sa pananalita ng tagapangaral. Maaaring ito'y pagsasabi ng mangyayari sa hinaharap; O pahayag na magpapatibay at tutulong sa mga nakikinig. Kung minsan, ang pahayag ay naririnig sa mga wika at ipaliliwanag sa wikang nauunawaan ng mga nakikinig. Ang paglalakip ng dalawang kaloob na ito'y tulad ng kaloob na hula.

Takot sa mga kaloob ng Espiritu ang ibang tao, sapagka't nakabalita na sila ng bulaang pahayag. Ito'y parang pagtanggi sa salapi sa takot na makakuha ng

huwad. Laging sinisikap ni Satanas na guluhin ang mga tao sa pamamagitan ng paggaya sa gawain ng Dios. May mga bulaang propeta noong panahon ng Biblia at kahit ngayon. Subali't ang iyong Kaibigan, ang Espiritu Santo ay nagnanais na huwag mong tanggihan ang mga kaloob Niya sa iyo dahil lamang sa takot mong magkamit ng huwad o panggagagad ng Kanyang gawain.

At hindi rin nais ng Dios na madaya ka ng mga panghuhuwad. Kaya nga, isa sa mga kaloob ng Espiritu Santo ay ang pagkilala sa mga espiritu; ito ang nangangalaga sa iglesya laban sa masasamang espiritu at maling paratang ng iba. Naipagkakamali kung minsan ng mga tao ang sariling haka-haka bilang kapahayagan ng Dios. Dahil dito, naghahatid sila ng kaguluhan at kalituhan, sa pagsasabi nila sa iba kung sino ang dapat pakasalan, saan dapat magtungo, at ano ang dapat gawin. Kaya't ang sabi ng Dios, subukin natin ang lahat ng pahayag.

*1 Tesalonica 5:19-22. "Huwag ninyong patayin ang ningas ng Espiritu; huwag ninyong hamakin ang panghuhula. Subukin ninyo ang lahat ng bagay; ingatan ninyo ang mabuti. Layuan ninyo ang bawa't anyo ng masama."*

Ang mga pahayag na mula sa Espiritu Santo'y sumusunod sa limang pamantayan:

**1** ***Ang pahayag ay lubos na sumasang-ayon sa Salita ng Dios.***
Halimbawa, kung sinasabi ng pahayag na kunin ng isang lalaki ang asawa ng iba, ito'y hindi galing sa Espiritu Santo. Tumutulong sa atin ang Espiritu Santo upang sundin ang Dios. Ang pagsang-ayon sa Salita ng Dios ang pinakamahalagang pagsubok; lahat ay dapat subukin ayon dito.

**2** ***Ang pahayag ay dapat maging totoo.***
Kung hindi totoo ang sinasabi sa pahayag, hindi ito mula sa Espiritu Santo, sapagka't Siya ay ang Espiritu ng katotohanan. Ang mga panghuhulang mula sa Panginoon ay nangatutupad.

*Jeremias 28:9. "Makikilala nga siyang propeta, na tunay na sinugo ng Panginoon, pagka ang salita ng propeta ay mangyayari."*

*Deuteronomio 18:21, 22. "At kung iyong sasabihin sa iyong puso: Paanong malalaman namin ang salita na hindi sinalita ng Panginoon? Pagka ang isang propeta ay nagsasalita sa pangalan ng Panginoon, kung ang bagay na sinasabi ay hindi sumusunod ni mangyari, ay hindi sinalita ng Panginoon ang bagay na iyon: ng propetang yaon ay nagsalita ng kahambugan, huwag mong katatakutan siya."*



3 ***Ang pahayag ay dadakila kay Cristo.***

Dinadakila ng Espiritu ng Dios at ng Espiritu ni Cristo, ang Ama at ang Anak.

*Juan 16:14. "Luluwalhatiin Niya Ako."*

*1 Corinto 12:3. "Wala sinumang nagsasalita sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios ay nagsasabi, si Jesus ay itinakwil, at wala sinuman ay makapagsasabi, si Jesus ay Panginoon kundi sa pamamagitan ng Espiritu Santo."*

4 ***Ang pahayag ay naghahatid ng pagpapala, hindi ng kaguluhan.***

*1 Corinto 14:3, 4, 26. "Datapuwa't ang nanghuhula ay nagsasalita sa mga tao sa ikatitibay, at sa ikapangangaral, at sa ikaaaliw ... gawin ninyo ang lahat ng mga bagay sa ikatitibay."*

5 ***Siya na nagbibigay ng pahayag ay may kamalayan at pananagutan na ang lahat ng bagay ay gawin sa maayos na paraan.***

Ginagaya ni Satanas ang gawain ng Espiritu Santo. Sa espiritista, ang tinatawag na "medium" ay nawawalan ng malay at di alam ang kanyang sinasabi sapagka't supil siya ng ibang espiritu. Nguni't kapag nagsalita ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng isang tao, alam ng taong ito ang nangyayari. Makapagsasalita siya at makatitigil upang hindi niya mahadlangan ang pahayag ng Dios sa pamamagitan ng pastor o ng iba. Malinaw itong itinuturo ni Pablo sa 1 Corinto 14. Dapat udyukan ng pastor ang mga kaanib na magsigamit ng mga kaloob ng Espiritu. Nguni't kailangan ding tiyakin niyang lahat ay nasa ayos. Kaya't

dapat kilalanin ng mga may kaloob ng Espiritu ng pangunguna ng pastor at huwag damdamin ang kanyang mga tagubilin at payo.

*1 Corinto 14:32, 33, 40. "Ang mga espiritu ng mga propeta ay nasasakupan ng mga propeta. Sapagka't ang Dios ay hindi Dios ng kaguluhan, kundi ng kapayapaan. Datapuwa't gawin ninyong may karapatan at may kaayusan ang lahat ng mga bagay."*

**Gawin Mo Ito**

**11. Isaulo ang 1 Tesalonica 5:19-22.**

**12. Isaulo ang limang pamantayang gagamitin sa paghatol kung ang pahayag ay mula sa Dios.**

**13. Nadarama mo bang kailangan ang mga gawa ng Espiritu Santo sa larangan ng mga kaloob na nasasaad sa 1 Corinto 12? __________**

**14. Kumikilos ba sa inyong iglesya ang mga kaloob na ito? ____________________**

**15. Nais mo bang magkaroon ng kaloob na espirituwal? ____________________**

***Idalangin ito.***

## INAAKAY KA SA PAMAMAGITAN NG MGA PANGITAIN AT PANAGINIP



Nabasa mo sa Biblia kung paanong nangusap ang Dios sa mga tao sa pamamagitan ng pangitain o panaginip. Nangungusap pa rin ang Espiritu sa ganitong paraan. Nangyayari ang hula ni Joel.

*Gawa 2:17. "At ang inyong mga binata ay mangakakakita ng mga pangitain, ang iyong mga matatanda ay magsisipanaginip."*

Noong 1940, isinulat ni B. T. Bard ang tungkol sa kahanga-hangang pagbubuhos ng Espiritu sa Peking:

Nagkaroon ng pagtatapat ng mga kasalanan at

pagkukulang, pagsasalita sa mga wika at pagbibigay-kahulugan, panghuhula, panaginip na espirituwal, makalangit na pangitain tungkol kay Cristo at sa maluwalhating bayan, banal na pagpapagaling, at higit sa lahat, diwa ng pananalangin, pagsamo, at pagsamba.

Sa kaibuturan ng kanyang puso, pinakananasa ni Kao Chu Ju ang presensiya ng Dios, nguni't natatakot siyang makita ng kapwa, o patungan kaya ng kamay. Bigla niyang nakita sa isang pangitain si Jesus, na maingat na ipinatong sa kanyang ulo ang mga Kamay na pinaglagusan ng pako. Nabuwal siya sa sahig, sa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, at di-nagtagal ay maluwalhating nagsasalita ng ibang wika sa udyok ng Espiritu Santo.

Nakaaantig na mabuti sa isang tao ang mga panaginip na mula sa Dios. Marami ang binalaan sa pamamagitan ng panaginip upang talikdan ang kasalanan at tumanggap ng pagpapala, tulong, at pampasigla mula sa iyong panaginip. Dili kaya'y aakayin ka ng Espiritu Santo na idalangin o babalaan ang isang nasa panganib.

Karamihan sa mga panaginip ay hindi kapahayagang mula sa Dios. Patuloy na gumagawa ang iyong isip habang natutulog ka at hinahabi sa panaginip ang iyong isipan. Gayunman, mapakikilos mo sa iyong kapakinabangan ang mga panaginip na ito. Gawin mong isang pagunita upang idalangin ang sinumang napanaginip mo.

**Gawin Mo Ito**

16. Nangungusap pa ba ngayon ang Dios sa pamamagitan ng mga panaginip? ______

17. Karamihan ba sa panaginip ay kapahayagan mula sa Dios o mga bunga ng isip? ______

18. Kapag nanaginip ka, subukin ito: Bago ka matulog, sabihin mo sa Panginoon na nais mong maging malapit sa Kanya, kahit sa panaginip. Sa sandaling magising ka, idalangin ang mga taong napanaginipan mo.

## INAAKAY KA SA PAMAMAGITAN NG MGA PANGYAYARI AT MGA PANINIWALA

Nakalampas ang bus na sasakyan ng isang Cristiano. Pagkalipas ng apat na oras, sumakay siya sa sumunod na bus, at nakatabi ang isang babaing nangangailangan sa Dios, na naakay niya sa Panginoon. Nanguna sa mga pangyayari ang Espiritu Santo.



Wari bang pinid sa harapan mo ang mga pinto ng pagkakataon? Lumingon ka. Maaaring binubuksan ng Espiritu Santo ang ibang pinto na may ibayong pagkakataon para sa iyo. Alalahanin mo ang mga unang Cristianong tumakas mula sa Jerusalem. Saan man sila magtungo'y ipinahahayag nila ang ebanghelyo at naliligtas ang marami. Si Pablo'y hindi makahayo sapagka't napipiit, datapuwa't habang nasa loob ng piitan, kanyang sinulat ang karamihan sa mga liham niyang mababasa natin sa Bagong Tipan.

Napakahirap ba ng mga pangyayari sa paligid mo? Marahil, inilagay ka riyan ng Dios upang ikaw ang makalutas sa mga suliranin. Patulong ka sa Espiritu Santo upang malaman mo ang dapat gawin. Maging mapagmasid at masikap na gumawa upang mapabuti ang kalagayan sa paligid mo. Ikaw ay isa sa mga ilawan ng Dios. Huwag idaing ang kadiliman. Magliwanag saan ka man naroon.

Kadalasa'y aakayin ka ng Espiritu ayon sa pananalig mo sa Kanya, upang makapagpasiya ka nang tumpak. Kapag may nais kang gawin, nakadarama ka ng kapayapaan kung yaon ang tumpak. Nguni't kapag inisip mo ang ibang hakbang, nababagabag ka.

May reserbasyon sa isang eroplano ang isang mangangalakal na Cristiano, nguni't bagabag siya tungkol doon. Habang iniisip niya ito, lalo siyang naliligalig. Ipinagpaliban niya ang paglipad. Ang eroplanong una niyang binalak na sakyan ay bumagsak, at namatay ang lahat ng sakay. Iniligtas ng Espiritu Santo ang kanyang buhay.

*Kawikaan 16:9. "Ang puso ng tao ay kumakatha ng kanyang lakad; nguni't ang Panginoon ang nagtutuwid ng kanyang mga hakbang."*

Nagmamadali patungo sa isang pakikipagtipan ang isang pastor, nguni't may nadama siyang antig, "Kumatok ka sa bahay na iyon." Iniwaksi niya ito nguni't sumisidhi. Kaya't bumalik siya at umakyat sa naturang bahay. Natagpuan niya roon ang isang Cristianong nangangailangan ng tulong.



Nadama naman ng isang Cristiano ang udyok na dumalaw sa isang kaibigan. Pagsapit doon, nasumpungan niyang magpapakamatay na ang kaibigan niya. Naakay ng Cristiano ang kanyang kaibigan upang tanggapin si Cristo at ito'y naligtas.

"Sinabi sa akin ng Panginoon na dalhin ito sa iyo," wika ng isang lalaki habang iniaabot ang basket ng mga groserya sa isang pastor. Matagal na palang nananalangin ang pastor at ang kanyang ginang na ipagkaloob ng Dios ang kanilang pangangailangan sapagka't wala silang salapi o pagkain man.

Ang buhay ay nagiging kawing ng kasiya-siyang pakikipagsapalaran kung ikaw'y puspos ng Espiritu Santo at sumusunod sa Kanyang pamamatnubay. Aakayin ka ng Espiritu Santo sa buhay na lubhang mapakinabang at mapagpala.

**Gawin Mo Ito**

**19. Ibig mo bang sabihin sa iyo ng Espiritu Santo ang iyong gagawin?**

***Hingin sa Kanya tuwing umaga sa buong linggong ito na akayin ka sa sinumang nais Niyang tulungan mo. Asahang ito'y gagawin Niya at sumunod ka rin sa Kanya.***

**20. Masasambit mo ba ang Galacia 5:16, 25; Awit 119:9; 1 Tesalonica 5:19-22?**

## MAKAKAMIT BA NATIN ANG BAUTISMONG ITO NGAYON?

Huwag mong itanong kung "Makakamit ba natin ang bautismong ito ngayon?" *Wala tayong silbi kung wala ito.* Ang Cristianismong walang Espiritu Santo ay balat lamang, isang magandang anyo, nguni't walang sigla, *patay.* Tanging ang Dios, ang Espiritu Santo, ang Siya lamang makapagpapasigla—makapagbibigay ng maalab na apoy na bumubuhay.

Kung kailangang-kailangan ko kaya ang kapangyarihang ito, ipagkakait ba sa akin ng Dios, kahit ko ganapin ang kondisyon na hinihingi Niya? Ang Biblia ay punung-puno ng pangako at pangaral upang ako'y lumapit sa Dios na may lubos na pagtitiwalang tatanggapin ko ang pangako. Walang anumang badya na ipagkakait Niya ito.

Ang ating Tagapagligtas, maliwanag na pinatutunayan ng Kasulatan, ay nagbayad sa halaga ng handog na ito para sa atin. Ito'y mahalagang sangkap ng ganap na ebanghelyo. Wala nang iba pang badya sa Bagong Tipan.

Sinabi ni Jesus na higit na makabubuti sa Kanyang bayan ang sila'y mapuspos nito, kaysa Siya ay manatili sa kanilang piling. Ganyan kahalaga ang Bautismo ng Espiritu Santo sa mananampalataya. Ito'y ipinangako sa lahat ng mananampalataya sa lahat ng panahon.

Bayaan mong sabihin ko ito sa iyo nang buong paninindigan! Papananagutin ng Dios ang bawa't mananampalataya sa anumang maaaring nagawa sana niya para sa kaharian ng Dios kung kanya lamang sanang tinanggap at ginamit ang kaloob na ito! Ang handog o kaloob na Bautismo ng Espiritu Santo ay nakalaan sa iyo upang iyong gamitin ngayon!

-Hinalaw mula sa The Holy Spirit Is For You, ni Ebanghelista C.M. Ward, ng Revivaltime. © 1966 Assemblies of God, Springfield Missouri 65802.

Aralin 5

# ANG ESPIRITU SANTO AY NAGBIBIGAY SA IYO NG KAPANGYARIHAN

**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

- ⌘ Kapangyarihan Para Sa Maraming Layunin
- ⌘ Ang Pangakong Kapangyarihan
- ⌘ Ang Pangakong Natupad Nang Pentecotes
- ⌘ Ang Karaniwang Karanasan Matapos Mahikayat
- ⌘ Mga Tanda Ng Kapangyarihan Ng Espiritu

## KAPANGYARIHAN PARA SA MARAMING LAYUNIN

### Dapat Mong Matutuhang Gamitin Ang Kapangyarihan



Isipin mo kung paano nagagamit ang koryente: Ilaw, para sa mga lunsod; panluto, pampainit sa mga tahanan; nagpapakilos sa mga pabrika, at sa lahat ng uri ng makinarya. Ngayon, nagagawa na ng tao ang mga bagay na mahirap mangyari noong araw, sapagka't natutuhan na nilang gamitin ang lakas ng koryente—pati na ang pagtungo sa buwan.

Ang Espiritu Santo ay nagnanais na ikaw ay mapuspos ng kapangyarihan, lalong higit kaysa lakas ng koryente—upang magawa mo yaong mahirap mangyari kung wala ito. Subali't kailangang matutuhan mong gamitin ang kapangyarihan. Ang kapangyarihang ito ng Espiritu Santo, kung gagamitin sa wastong paraan, ay maghahatid ng kapurihan sa Dios at pagpapala sa iyong buhay. Ang anumang uri ng lakas o kapangyarihan kapag ginamit sa maling paraan ay laging maghahatid ng kaguluhan.

**Tatlong Pagkakamaling Dapat Iwasan:**

**1** ***May mga taong ginagamit na parang laruan ang***

*kapangyarihan ng Espiritu:*
Ito ang suliranin sa iglesya sa Corinto. Lubha nilang ikinasisiya ang pagsasalita ng mga wika anupa't sa kanilang mga gawain sa loob ng iglesya para lamang silang naglilibang. Napakagulo nila. Inakala tuloy ng mga nagmamasid na sila'y nasisiraan ng bait. Ipinagunita ni Pablo na dapat gawin ang lahat ng bagay na may kaayusan. Dapat nilang matutuhang gamitin ang kapangyarihan ng Espiritu Santo upang marami ang maligtas at huwag lumayo kay Cristo.

2 *May mga taong umaangkin sa karangalang nararapat maukol sa Dios:*
Kung binibigyan ng Espiritu Santo ang isang tao ng sapat na pananampalataya upang makapagpagaling, ito'y hindi upang makasigaw siya ng: "Tingnan ninyo ako, kayong lahat! Nakapaghihimala ako! Makapangyarihan ako!" O kaya, kung may ginagamit ang Dios na taong nakapanghuhula, ito'y hindi upang masabi niya: "Makinig kayong lahat sa akin, sapagka't ako'y propeta! Lumapit kayo sa akin kung ibig ninyong malaman ang dapat ninyong gawin." Ang ganyang kapalaluan ay nagbubunga ng maraming suliranin.

3 *May mga taong hindi naman ginagamit ang kapangyarihan ng Espiritu Santo:*
Ito ang pangkaraniwang pagkakamali ng lahat. Nakita nila ang maling paggamit o ang panghuhuwad sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, at sila'y takot sa anumang bagay na di-pangkaraniwan. Ganito ang suliranin ng iglesya sa Tesalonica. Sinabi sa kanila ni Pablo na subukin nila ang lahat ng espiritu kung yao'y mula sa Dios at sila'y huwag tatanggap ng anumang bulaang hula o panghuhuwad sa gawain ng Dios. Subali't hindi nila dapat iwaksi ang tunay, kasabay ng huwad.

*1Tesalonica 5:19-22. "Huwag ninyong patayin ang ningas ng Espiritu. Huwag ninyong hamakin ang mga panghuhula. Subukin ninyo ang lahat ng bagay, ingatan ninyo ang mabuti. Layuan ninyo ang bawa't anyo ng masama."*

Ang pagiging puspos ng Espiritu Santo ay tulad ng pagkakaroon ng mga kawad ng koryente sa bahay. Hindi nilagyan ng kawad ang bahay upang manatili ka sa dilim at saka magsabing: "May koryente na kami!" Buksan mo ang ilaw! Gamitin mo ang lakas ng koryente! Nasa Aklat ng Mga Gawa ang alituntunin ng Dios ukol sa wastong paggamit ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

### Ito Ang Alituntunin Para Sa Iyo

Dahil sa kapangyarihan ng Espiritu Santo sa buhay ng mga unang Cristiano, naging malinis at mabuti ang kanilang buhay sa gitna ng kabihasnang tigib ng krimen at katiwalian. Taglay ang panloob na galak at kapayapaan, sila'y nakaawit ng pagpupuri sa Dios bagama't hinahampas at nakabilanggo alang-alang kay Cristo. Puspos ng pag-ibig ng Dios, kanilang pinatawad at idinalangin yaong mga umusig at nagpahirap sa kanila. Ang kapangyarihan ay ginamit nila nang wasto!



Taglay nila ang isang makapangyarihang pahayag, na buong kapangyarihan nilang ipinangaral. Nagsalita sila na may paninindigan. Alam nila kung ano ang kanilang sinasabi. Sinumang hindi kinaroroonan ni Cristo ay napapahamak, nguni't ililigtas ni Jesus ang sasampalataya sa Kanya. Sila'y nangusap na may karunungan, katuwiran, at kagitingang lampas sa sarili nilang kakayahan—ang kapangyarihan ng Dios na sumumbat sa mga nakikinig upang madama nila ang kanilang pagka-makasalanan.

Makapangyarihan ang kanilang pananampalataya. Alam nila na ang Dios ay kasama nila at gumagawa sa pamamagitan nila, gaya ng ipinangako Niya. Kaya't sa pangalan ni Jesus, pinalakad nila ang mga lumpo. Sila'y nanalangin, at nangyari ang maraming mga bagay. Gumaling ang mga maysakit. Nangabuksan ang pinto ng mga piitan. Nanumbalik sa Dios ang napakaraming makasalanan.

Naging mga saksi ang mga unang Cristiano dahil sa kapangyarihang ito, gaya ng sinabi ni Jesus. Lumakas ang loob nila at naging marubdob ang hangarin nilang masabi sa kapwa ang tungkol kay Jesus. May tungkulin silang dapat ganapin. Katapangan, pag-ibig, pangitain, at lubos na pagkakatalaga kay Cristo ang nagtulak sa kanila upang magpalipat-lipat sa maraming lalawigan at bayan, upang ibigay ang mabuting balita ng kaligtasan sa bawa't matanda at bata, sa bawa't nilalang sa kanilang kapanahunan.

Ito ang alituntunin ng kapangyarihan ng Unang Iglesya. Ang kanilang kapangyarihan, kung gayon, ay ang kapangyarihan ng Espiritu Santo na Siyang pumuspos sa kanila at gumawa sa pamamagitan nila. Kusang umagos ang mabubuting gawa mula sa kanilang buhay na umapaw sa kapuspusan ng Espiritu. Masusing inilalahad ng Biblia ang kanilang karanasan sapagka't ito ang alituntuning dapat panundan ng mga Cristiano ngayon.

**Gawin Mo Ito**

1. Nawili ka ba sa pagbabasa sa Aklat ng Mga Gawa? ______________

2. Ilang ulit binabanggit ang Espiritu Santo sa bawa't kabanata ng Aklat ng Mga Gawa? (Narito ang bilang ng mga kabanata. Isulat kung ilang ulit binabanggit ang Espiritu Santo sa bawa't naturang kabanata):

| | | |
|---|---|---|
| 1. ______ | 5. ______ | 9. ______ |
| 2. ______ | 6. ______ | 10. ______ |
| 3. ______ | 7. ______ | 11. ______ |
| 4. ______ | 8. ______ | 12. ______ |

## ANG PANGAKONG KAPANGYARIHAN



Ipinangako ni Juan Bautista na si Jesus ay magbabautismo sa Espiritu Santo at apoy. Ito'y pangkaraniwang pangako para sa lahat ng nahikayat at binautismuhan niya sa tubig.

*Mateo 3:11. "Binabautismuhan ko kayo sa tubig sa pagsisisi: datapuwa't ang dumarating sa hulihan ko... lalong makapangyarihan kaysa akin ... Siya ang sa inyo'y magbabautismo sa Espiritu Santo at apoy."*

May malaking gawain si Jesus para sa mga Cristiano sa buong panahon. Alam Niyang hindi nila ito magagawa sa kanilang sariling kalakasan. Kaya't pinapaghintay Niya ang Kanyang mga tagasunod hanggang sa kamtan nila ang kapangyarihang kaloob ng Espiritu Santo, saka sila magiging mga saksi. Ang utos at pangako ni Jesus ay para sa lahat ng Kanyang mga tagasunod.

*Lucas 24:49. "Ipadadala Ko sa inyo ang pangako ng Aking Ama, datapuwa't magsipanatili kayo sa bayan, hanggang sa kayo'y masangkapan ng kapangyarihang galing sa itaas.*

*Gawa 1:4, 5, 8. "Hintayin ang pangako ng Ama... Sapagka't tunay na si Juan ay nagbautismo sa tubig, datapuwa't kayo'y babautismuhan sa Espiritu Santo na di na malalaunan pa... Tatanggapin ninyo ang kapangyarihan pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi Ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahuli-hulihang hangganan ng lupa."*

**Gawin Mo Ito**

**3. Basahin ang Gawa 1:1-14. Isaulo ang mga talatang 4, 5, at 8.**

## ANG PANGAKONG NATUPAD NANG PENTECOSTES

Ano ang ginawa ng mga tagasunod ni Jesus upang tanggapin ang pangakong Espiritu Santo? Sa loob ng 10 araw, 120 silang lahat na naghihintay – nananalangin, nananalig, at umaasang may magaganap. At nangyari nga! Nang araw ng Pentecostes, tinanggap nila ng karanasang pentecostal, o Bautismo sa Espiritu Santo.

*Gawa 1:14. "Ang lahat ng ito'y nagsisipanatiling matibay na nangagkakaisa sa pananalangin."*

*Gawa 2:1-5, 7, 8, 11, 13. "At nang dumating nga ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nangagkakatipon sa isang dako. At biglang dumating mula sa Langit ang isang ugong na gaya ng sa isang humahagibis na hanging malakas, at pinuno ang buong bahay na kanilang kinauupuan. At sa kanila'y may napakitang mga dilang kawangis ng apoy, na nagkakabaha-bahagi; at dumapo sa bawa't isa sa kanila. At silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, at nangagpasimulang magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkakaloob ng Espiritu na kanilang salitain."*

May mga nagsisitahan nga sa Jerusalem na mga Judio, mga lalaking relihiyoso, na buhat sa bawa't bansa sa ilalim ng Langit. At silang lahat ay nangagtaka at nagsipanggilalas, na nangagsasabi, "Narito, hindi baga mga Galileong lahat ang mga nagsisipagsalitang ito? At bakit nga naririnig ng bawa't isa sa atin,... nagsisipagsalita sila sa ating mga wika ng mga makapangyarihang gawa ng Dios!" Datapuwa't ang mga iba'y nanganglilibak na nangagsasabi, "Sila'y puno ng bagong alak."

Bago nangyari ito, takot sa pag-uyam si Pedro. Kay laki ng ipinagbago niya pagkatanggap niya ng kapangyarihan ng Espiritu Santo! Siya'y tumayo at nangaral. Ipinaliwanag niya na ang nagaganap ay katuparan ng pangako ng Dios. Ibinuhos na ng Dios ang Kanyang Espiritu.

*Gawa 2:14-17, 41. "Datapuwa't pagtindig ni Pedro na kasama ang labing-isa, ay itinaas ang kanyang tinig, at sa kanila'y nagsaysay, na sinasabing... "Ang mga ito'y hindi mga lasing, gaya ng inyong inaakala... Ito'y yaong sinalita na sa pamamagitan ng propeta Joel: 'At mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Dios, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman. At ang inyong mga anak na lalaki at babae ay manganghuhula."*

Yaon ngang nagsitanggap ng kanyang salita ay nangabautismuhan: at nangaparagdag sa kanila nang araw na yaon ang may tatlong libong kaluluwa.

Mula noon, ang Aklat ng Mga Gawa ay naging tala ng pagkilos ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng mga Cristiano; Kanyang tinulungan silang sumaksi, magpalaganap ng ebanghelyo, at umakay ng mga kaluluwa papalapit kay Cristo.



**Gawin Mo Ito**

4. **Basahin ang Mga Gawa kabanata 2.**
5. **Hanapin ang mga sagot sa Gawa 2:2-4:**

**Ano ang narinig ng mga tao?** ____________

______________________________

**Ano ang nakita nila?** ____________

______________________________

**Ano ang bumaba sa kanila?** ____________

______________________________

**Ano ang pumuspos sa kanila?** ____________

______________________________

**Ano ang kanilang ginawa?** ____________

______________________________

**Naunawaan ba sila ninuman?** ____________

**Ano ang kanilang sinasabi?** ____________

______________________________

______________________________

## ANG KARANIWANG KARANASAN MATAPOS MAHIKAYAT

Inaasahan ng mga apostol na ang lahat ng mananampalataya, matapos mahikayat ay mangapuspos ng Espiritu Santo. Nilinaw ito ni Pedro.

*Gawa 2:38, 39. "At sinabi sa kanila ni Pedro: Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesu-Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng*

*Espiritu Santo. Sapagka't sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa Kanya."*

Kapag may bagong nahikayat na di tumanggap ng bautismo ng Espiritu Santo matapos silang mahikayat, idinadalangin agad sila upang sila'y tumanggap ng bautismo ng Espiritu.

*Gawa 8:14-17. "Nang mabalitaan nga ng mga apostol na nangasa Jerusalem na tinanggap ng Samaria ang Salita ng Dios, ay sinugo nila si Pedro at si Juan. Na nang sila'y makalusong, ay pinanalangin nila sila, upang kanilang tanggapin ang Espiritu Santo. Sapagka't ito'y hindi pa bumababa sa kaninuman sa kanila... nang magkagayo'y ipinatong sa kanila ang kanilang mga kamay, at kanilang tinanggap ang Espiritu Santo."*

Nang mahikayat si Saulo, sinugo ng Dios si Ananias upang siya'y idalangin.

*Gawa 9:17. "Ang Panginoon ay nagsugo sa akin upang tanggapin mo ang iyong paningin, at mapuspos ka ng Espiritu Santo."*

Narinig ni Cornelio at ng kanyang sambahayan ang ebanghelyo, naniwala sila, at naligtas nang tanggapin ang katotohanan. Bago natapos ng pangangaral si Pedro, napuspos sila ng Espiritu. Iba naman ang karanasan ng mga taga-Efeso. Gaya ng maraming Cristiano mabautismuhan sila sa Espiritu Santo!

*Gawa 19:2,6 "Tinanggap baga ninyo ang Espiritu Santo nang kayo'y magsisampalataya? At sinabi nila sa kanya, Hindi, hindi man lamang namin narinig na may ibinigay na Espiritu Santo. At nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kanyang mga kamay, ay bumaba sa kanila ang Espiritu Santo."*

Ayon sa alituntunin ng Unang Iglesya, makikita nating nais ng Dios na puspusin ng Kanyang Espiritu ang lahat ng mga anak Niya. Mayaman at dukha, mangmang at marunong, pinuno ng relihiyon at makasalanang bagong



naligtas — lahat ng tao sa lahat ng bansa ay makatatanggap nito. Ang wika ni Cornelio, isang kawal-Romano:

*Gawa 10:34, 47 "Tunay ngang natatalastas ko na hindi nagtatangi ang Dios ng mga tao. Mangyayari bagang... huwag mangabautismuhan itong mga nagsitanggap ng Espiritu Santo na gaya naman natin?"*

**Gawin Mo Ito**

6. **Sino ang nagsabi: "Walang itinatangi ang Dios?" ____________________**
7. **Noong panahon ng Bagong Tipan, ang bautismo ba sa Espiritu Santo'y para sa mga apostol lamang o sa lahat ng Cristiano?**

   ____________________________
8. **Ano ang ginawa ng mga apostol para sa mga bagong nahikayat sa Samaria na hindi pa tumatanggap ng Espiritu Santo? _______**

   ____________________________

## MGA TANDA NG KAPANGYARIHAN NG ESPIRITU

### Pagsasalita Sa Mga Wika

Nang dumating ang Espiritu noong Pentecostes, Siya'y nagbigay ng ilang tanda ng Kanyang kapangyarihan. Nakarinig ang mga tao ng tunog ng malakas na hangin. Nakakita sila ng mga dilang apoy. At nagsalita sila sa



mga wikang hindi nila napag-aralan. Inuulit ang isang tanda — ang pagsasalita sa mga wika — tuwing mayroong tumatanggap sa bautismo sa Espiritu Santo, mababasa sa Aklat ng Mga Gawa. Sa ganitong paraan nalaman ni Pedro na nakatanggap na ng bautismo sa

Espiritu ang sambahayan ni Cornelio. Naulit ito sa Efeso. Paghambingin ang mga karanasan:

*Gawa 2:4 "At silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, at nangagpasimulang magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob ng Espiritu na kanilang salitain."*

*Gawa 10:44-47 "Samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba ang Espiritu Santo sa lahat ng nangakikinig ng salita. At silang lahat na nagsiparoong kasama ni Pedro, ay nangamangha, sapagka't ibinuhos din naman sa mga Gentil ang kaloob na Espiritu Santo. Sapagka't nangarinig nilang nangagsasalita ang mga ito ng mga wika, at nangagpupuri sa Dios. Nang magkagayo'y sumagot si Pedro, "Mangyayari bagang hadlangan ng sinuman ang tubig, upang huwag mangabautismuhan itong mga nagsitanggap ng Espiritu Santo na gaya naman natin?"*

*Gawa 19:6 "Nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kanyang mga kamay, ay bumaba sa kanila ang Espiritu Santo; at sila'y nagsipagsalita ng mga wika, at nagsipanghula."*

Ang pagsasalita sa mga wika, sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, ay ang kahima-himalang tanda na pinili ng Dios upang ipakitang napuspos ng Espiritu ang isang tao. Tinukoy kapwa ni Jesus at ni Pablo ang pagsasalita ng mga wika bilang tanda o katunayan.

*Marcos 16:17 "At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya:... mangagsasalita sila ng mga bagong wika."*

*1 Corinto 14:22 "Ang mga wika ay pinakatanda... sa mga hindi nagsisisampalataya."*

Ginagamit pa rin ng Espiritu Santo ang tandang ito ng Kanyang kapangyarihan kapag pinupuspos Niya ang mga tao ngayon. Makababasa ka ng dokumentadong ulat sa *With Signs Following*, ni Stanley H. Frodsham; *They Speak With Other Tongues*, ni John Sherill; *Catholic Pentecostals*, ni Kevin at Dorothy Ranaghan; at marami pang gayong aklat. Sa *The Silent Speak*, sinasabi ni C.M. Ward na pati mga binging hindi nakapagsasalita ay malinaw na nangusap nang mabautismuhan sila sa Espiritu Santo!

Karaniwan, ang sinasambit ay di-kilalang wika sa kaninumang nasa kapulungan. Gayunman, maraming ulit na nangusap ang Espiritu sa wikang hindi alam ng nagsasalita nguni't nauunawaan ng ilan sa nasa kapulungan, gaya ng nangyari noong Pentecostes.



## Ibang Mga Tanda Ng Kapangyarihan

Nabasa mo ang maraming iba pang tanda ng kapangyarihan na kasunod ng pagkapuspos ng Espiritu: malinis na buhay, pag-ibig ng Dios, katapangan, at lubos na pagkakatalaga kay Cristo. Mga tanda ng kapangyarihan ang pagkakaroon ng matibay na pananampalataya, maapoy na panalangin, mabisang pagsaksi, at mabisang pangangaral. Ang mga bunga – pagkahikayat, paggaling, pagkabautismo sa Espiritu, at paglago ng iglesya – ay mga tanda pa rin ng kapangyarihan.

Isinulat ni Dr. Alexander MacLaren:

Wala nang hihigit pa sa lakas upang maipalaganap ang Kaharian ni Cristo at ang sumasaksing gawain ng Kanyang Iglesya, kaysa pagkakaroon ng Banal na Espiritung ito. Kapag nailubog ang isang tao sa maapoy na bautismong ito, lahat ng karamutan at kasamaang hadlang sa buhay ng marami sa atin ay natutupok at napapawi, at lumalaya tayo para maglingkod, sapagka't tinupok sa mahabaging pugon ng maapoy na kapangyarihan ng Dios ang taling gumagapos sa atin.

"Palalakasin kang mabuti ng Kanyang Espiritu sa pagkataong loob" – kapangyarihang pupuspos at aapaw sa buong katauhan mo, kung pahihintulutan mo, at magpapalakas sa iyo laban sa lahat ng uri ng pagtitiis, pakikibaka, paglilingkod, at pagsaksi para sa iyong Panginoon.

## NAIS MO BANG MAPUSPOS

Ang naghahanap sa Dios ay *dapat makatiyak na talagang nangyayari ang karanasan ng pagkapuspos ng Espiritu Santo.* Malibang ito'y paniwalaan niya, hindi siya mapupuspos; sapagka't ang pagkapuspos ay bahagi ng kabuuang panukala ng Dios sa pagtubos sa atin. Walang idinaragdag o labis, walang kataka-taka o kakaiba, kundi ito'y maayos at banal na kilusan ng Dios, batay at nag-uusbong sa gawain ni Cristo, ang pagpapakasakit para sa ating kaligtasan. Dapat niyang paniwalaang tumpak at maayos ang lahat ng ito. Kung hindi, aking iminumungkahi na maglaan siya ng panahon upang mag-ayuno, manalangin at magbulay sa Salita ng Dios. Ang pananampalataya ay buhat sa Salita ng Dios.

Matapos mahikayat ang isang tao na maaari siyang mapuspos ng Espiritu Santo *dapat niyang nasain ang magkagayon.* Ganito ang tanong sa nagmamalasakit na makabatid ng katotohanan: Natitiyak mo bang nais mong ikaw'y angkinin ng Isang Espiritu na bagama't Siya'y malinis at maamo at marunong at mapagmahal, ay nagpipilit namang maging Panginoon ng buong buhay mo? Natitiyak mo bang nais mo na ang iyong buong katauhan ay pangibabawan ng Isang hihiling ng iyong pagsunod sa nasusulat na Salita? Ng Isang hindi magpapaubayang manatili sa iyong buhay ang anumang kasalanan, pag-ibig sa sarili, o pagmamalabis? Ng Isang hindi magpapahintulot sa iyong magmamalaki, magpalalo, o magmarangya? Ibig mo bang Siya, hindi na ikaw, ang maghahari sa iyong buhay, at karapatan Niyang subukin ka at disiplinahin? Na aalisin Niya ang maraming bagay na gustong-gusto mo nguni't lihim namang nakasisira sa iyong kaluluwa?

Malibang ika'y sang-ayon sa lahat ng ito, hindi mo nais na talagang mapuspos. Maaaring nais mo lamang ang kasiyahan o ang tagumpay o ang kapangyarihan, subali't hindi ang tunay na pagkapuspos ng Espiritu Santo.

-Hinalaw sa "Keys to the Deeper Life,"
Ni W.A. Tozer, ng Christian and Missionary Alliance.
©1957 ng Sunday Magazine, Inc.,
Zondervan Publishing House, Grand Rapids,
Michigan. Ginamit ng may pahintulot.

Aralin 6

## ANG ESPIRITU SANTO AY PUMUPUSPOS SA IYO

**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

- ⌘ Napupuspos Ang Iba
- ⌘ Anyayahan Ang Espiritu Santo
- ⌘ Manampalataya At Tumanggap
- ⌘ Sumuko Sa Espiritu Santo

### NAPUPUSPOS ANG IBA

Alam mo bang "ibinubuhos ng Dios ang Kanyang Espiritu sa lahat ng tao" ngayon nang higit kaysa noong Araw ng Pentecostes? Bahagi lamang ng hula ni Joel ang naganap noon at ang malaking bahagi'y natutupad ngayon.

*Gawa 2:17. "At mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Dios, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman."*



Sa pagitan ng taong 300 at 1900, patuloy na nabautismuhan sa Espiritu Santo ang mga tao at mga pangkatin. Naranasan nina Agustin, Javier, ng mga Waldense, Zinsendorf, Finney, at ng maraming Metodista at Quaker ang karanasan at kapangyarihang Pentecostal.

Noong 1900, sinimulan ng Dios ang pagbubuhos ng Kanyang Espiritu sa Kanyang mga anak sa buong mundo. Mula noo'y lumago ang pentecostal na pagpapanibagong-sigla. Mahigit nang 8,000,000 ngayon ang mga kaanib ng mga iglesyang pentecostal. At walang nakababatid kung mga ilang libo na ang napuspos ng Espiritu Santo kamakailan sa mga iglesyang Metodista, Baptist, Presbyterian, Catolico, Episcopal, at iba pa.

Sinu-sino ang napupuspos ng Espiritu? Yaong mga nagugutom at nauuhaw sa mga bagay na ukol sa Dios. Marami ang hindi kumakain upang lalong

makapanalangin. Higit na mahalaga ang pagkagutom ng kaluluwa kaysa katawan.

*Awit 42:2. "Kinauuhawan ng aking kaluluwa ang Dios, ang buhay na Dios."*

*Juan 7:37-39. "Si Jesus ay tumayo at sumigaw, 'Kung ang sinumang tao'y nauuhaw, ay pumarito siya sa Akin, at uminom. Ang sumasampalataya sa Akin, gaya ng sinasabi ng Kasulatan, ay mula sa loob niya ay aagos ang mga ilog ng tubig na buhay." Nguni't ito'y sinalita Niya tungkol sa Espiritu, na tatanggapin ng mga magsisisampalataya sa Kanya."*

Pinupuspos ng Espiritu Santo yaong mga nagnanais na pasupil sa Kanya. Isinusuko nila ang kanilang isip, damdamin, kalooban, at katawan upang magamit sila ng Dios sa paraang minamarapat Niya.

**Gawin Mo Ito**

1. **Isaulo ang Gawa 2:17.**
2. **Magsabi ng tatlong iglesya na ang mga kaanib ay nabautismuhan kamakailan sa Espiritu Santo.**

___________________________________

___________________________________

___________________________________

## ANYAYAHAN ANG ESPIRITU SANTO

Ano ang ginagawa mo kung mabalitaan mong dadalaw ang isang mahal na kaibigan? Naglilinis ka ng bahay at humahandang siya'y patuluyin. Nais dumalaw ng Kaibigan mong Espiritu Santo upang puspusin ka. Sinulat ni General William Booth, nagtatag ng Salvation Army, ang ganito:



Bago tayo lumuhod upang tanggapin ang Bautismo ng Apoy, ...tiyaking ang inyong kaluluwa ay kasang-ayon ng kalooban at layunin ng Espiritu Santo na inyong hinahanap. Tiyaking bukas ang linya ng talastasan, sapagka't sa pamamagitan nito makakamtan ang Bautismo ng Espiritu Santo. Nabalitaan ko ang tungkol sa ilang tao...na hindi makakuha ng anumang tubig. Ulit-ulit nilang binuksan ang gripo, nguni't walang tumulo...Sagana ang tubig sa tinggalan; maayos ang pagkakakabit ng mga tubo, nguni't wala ring tubig. At nang buksan nila ang linya, nakakita sila ng isang daga roon. Walang silbi ang pagkatok, ang pagdalangin, pag-awit at maging ang pananalig, kung may bagay kang ikinukubli o itinatanging gawain, may hadlang sa linya....Alisin mo iyan; huwag mong patagalin diyan; isuko mo. Wasakin ang mga dios-diosan mo at mga hadlang at bara, nang lubos na lubos. Bayaang maging malinis ang linya sa pagitan mo at ng Dios. Paalisin ang lahat, at ikaw'y mapupuspos sa iyong pagkakaluhod; madarama ng sanlibutan ang kapangyarihan nito, at Dios ang tatanggap ng lahat ng karangalan.

**Gawin Mo Ito**

**3. Basahing muli ang bahaging ito. Hingin sa Dios na ipakita sa iyo ang anumang hadlang sa buhay mo.**

## MANAMPALATAYA AT TUMANGGAP

Tinangap mo ang Bautismo ng Espiritu Santo gaya ng pagtanggap mo ng kaligtasan: sa pamamagitan ng pananampalataya. Paniwalaan mo ang pangako ng Dios at tatanggapin ang kaloob na alok Niya. Narito ang ilang pangakong tutulong sa iyo upang manalig at tumanggap. Ang mga ito'y para sa iyo. Isaulo at paulit-ulit na sambitin sa sarili. Sa pagkadama mo ng katotohanan ng mga talata, magiging madali sa iyo ang pagtanggap sa kaloob ng Dios.

*Gawa 2:38, 39. "Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesu-Cristo, sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagka't sa inyo ang pangako at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa Kanya."*

*Gawa 5:32. "Ang Espiritu Santo... Siyang ibinigay ng Dios sa nagsisitalima sa Kanya."*

*Lucas 11:9-13. "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan... At aling ama sa inyo, na kung humingi ang kanyang anak ng isang tinapay, ay bibigyan niya siya ng isang bato? O ng isang isda kaya, at hindi isda ang ibibigay, kundi isang*



*ahas? O kung siya'y humihingi ng itlog, kanyang bibigyan kaya siya ng alakdan? Kung kayo nga, bagaman masasama, ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa kalangitan na magbibigay ng Espiritu Santo sa magsisihingi sa Kanya?"*

Manampalataya ka sa Dios. Huwag matakot humingi. At huwag kang matakot kung dumating sa iyo ang kapangyarihan ng Espiritu Santo. Iniibig ka ng Dios. Ikaw ay anak Niya. Hindi ka bibigyan ng ahas bilang kapalit ng isang isda.



Upang matanggap mo ang isang kaloob, maniwala kang iyon ay para sa iyo, pasalamatan mo ang nagbigay, at ilahad mo ang iyong kamay upang tanggapin iyon. Gayon din ang pananalig sa pangako ng Dios. Lumapit ka sa

Kanya at hingin ang kaloob na alok Niya. Pasalamatan mo ang Dios at tanggapin itong iyo na. Paniwalaan mong dumating ang Espiritu Santo upang puspusin ka. Isuko mo sa Kanya ang iyong kalooban, mga nasain, at adhikain, at Siya ang bayaang manguna sa iyong buhay. Sa gayon, pupuspusin ka Niya. At ito'y malalaman mo.

*Galacia 3:2, 14. Tinanggap baga ninyo ang Espiritu sa pamamagitan ng mga gawa...o ng pakikinig ng tungkol sa pananampalataya? ...sa pamamagitan ng pananampalataya ay tanggapin natin ang pangako ng Espiritu."*

**Gawin Mo Ito**

**4. Isaulo ang Gawa 2:38, 39; Gawa 5:32; Lucas 11:9-13. Angkinin ang mga ito.**

## SUMUKO SA ESPIRITU SANTO

Ibig mong puspusin ka ng Espiritu upang maakay ka Niya, manalangin sa pamamagitan mo, bigyan ka ng mga salita kung ikaw'y magpapatotoo, bigyan ka ng pananampalataya sa Kanyang kapangyarihang gumagawa ng mga himala. Ang Bautismo ng Espiritu ay nagtatalaga sa iyo sa ganitong uri ng buhay. Nararanasan mo ang ilan sa gawaing ito ng Espiritu sa bautismo. Ito'y parang pintong papasukan mo tungo sa buhay na puspos ng Espiritu at inaakay ng Espiritu. Sa iyong pagpasok, lubusan mong isuko sa Espiritu Santo ang iyong isip, damdamin, kalooban, at katawan.

Kadalasan, yaong mga dumadalangin sila'y mapuspos ay nagtataas ng kanang kamay bilang tanda ng pagsuko at pag-aanyaya sa Espiritu. May ilang tumatangap ng pagkapuspos habang umaawit ng mga awit ng pagsuko.

Gawin Mo Ito

5. Sabihin ang apat na bagay na dapat mong isuko sa Espiritu Santo upang mangyari ang Kanyang kalooban sa buhay mo.

_______________ _______________

_______________ _______________

Isuko Ang Iyong Isip

Dumarating ang Espiritu Santo upang tulungan kang manalangin at sumaksi. Kaya't maasahan mong bibigyang-diin Niya sa isip mo ang mga bagay na dapat idalangin o ipagpasalamat sa Dios. Sundin ang Espiritu Santo. Sa gayon mananalangin Siya sa pamamagitan mo, sa iyong wika, o sa wikang nais Niya.

Isuko Ang Iyong Damdamin

Ang iyong damdamin ay bahagi ng likas mo; isuko ito sa Espiritu Santo. Kung nadarama mong ibig mong umiyak habang nananalangin ka, huwag mong pigilin ang iyong luha. Bayaang durugin ng Espiritu Santo ang lahat ng katigasan, pagkamakasarili, kapalaluan, alinlangan, at paglaban sa Dios na matatagpuan sa buhay mo. Bayaang ikaw'y Kanyang sumbatan, linisin, at gawin ayon sa nais Niya. Itangis ang iyong mga kaibigan at mahal sa buhay na napapahamak, o ang angaw-angaw na hindi pa nakaririnig ng ebanghelyo, ito ang gawain ng Espiritu Santo sa iyo, sa ikaliligtas ng maraming kaluluwa.



Kapag pinuspos ka ng Espiritu Santo, maaaring puspusin ka Niya ng pag-ibig anupa't iyong sasambahin at pupurihin ang Dios nang buo mong kaluluwa. O kaya'y maaaring tatawa ka dahil sa malaking katuwaan. Magpatuloy ka at ipahiwatig



mo ang gayong pag-ibig at kagalakang mula sa Espiritu.

*1 Peter 1:8. "Kayo'y nangagagalak na totoo na may galak na di masayod."*

*Roma 14:17. "Sapagka't ang Kaharian ng Dios ay...ang katuwiran at ang kapayapaan at ang kagalakan sa Espiritu Santo."*

Gayunman, tandaang dumarating ang pagpapala ng Dios sa iba't ibang tao, sa iba't ibang paraan. May mga taong hindi nakadarama ng masidhing damdamin kahit sila mapuspos ng Espiritu. Kaya't huwag kang mabahala o magsikap na maging madamdamin ka. Ang sabi ni Benjamin A. Bauer:

> Ang kapangyarihan ng Espiritu Santo na sumasaiyo ay hindi masusukat na mabuti ayon sa sidhi ng *damdamin* kundi sa *pananampalatayang* nasa puso mo. Maaaring gumawa nang buong kapangyarihan ang Espiritu Santo nang wala kang nadaramang anumang kakaibang damdamin. Subali't ang bawa't lalaki o babaing puspos ng Espiritu Santo ay laging tigib ng *pananampalataya* at *pag-ibig*.

## Isuko Ang Iyong Kalooban

Inanyayahan mo ang Espiritu Santo na lubos na humawak sa buhay mo. Huwag ka nang makipagtalo sa Kanya kung paano Niya ito gagawin. Huwag igiit ang karanasang tulad ng naranasan ng iba. Tanggapin ang ginawa Niya para sa iyo. May mga taong tumatanggi sa kapangyarihan ng Dios sapagka't takot silang magmukhang katawa-tawa. Maano kung pintasan ka ng iba? Tinawag din nilang baliw si Jesus at si Pablo, at ang mga mananampalatayang napuspos ng Espiritu Santo noong Pentecostes ay sinabi nilang lasing. Iwaksi mo ang sariling kalooban at bayaang maganap sa buhay mo ang kalooban ng Dios.

## Isuko Ang Iyong Katawan

Pupuspusin ng Espiritu Santo ang iyong katawan bukod sa iyong isip at damdamin. Hiningi mo sa dalangin ang kapangyarihan ng Espiritu Santo; ipadarama Niya sa iyo ang kapangyarihang iyan

upang malaman mo ang katunayan.

Ang katawan ng tao'y tumutugon sa kapangyarihan ng Espiritu Santo sa iba't ibang paraan, gaya noong panahon ng Biblia. Si Moises ay nanginig. Si Daniel ay natimbuwang na animo patay. Si David ay sumayaw sa kagalakan sa harap ng kaban ng tipan. Ang lumpo'y tumalon sa katuwaan matapos gumaling. At ang 120 noong Araw ng Pentecostes ay lubusang hawak ng Espiritu kaya't sila'y nagsalita sa ibang wika gaya ng ibinigay ng Espiritu na kanilang salitain.



Sinasabi sa Biblia na ang dila ang pinakamahirap supiling sangkap ng ating katawan. Madali tayong magsasabi ng mga bagay na di dapat sabihin, at mabagal magsabi ng nararapat salitain, kaya't isuko natin sa Espiritu Santo ang ating mga dila at patulong tayo sa Kanya upang magamit natin ito sa ikararangal ng Dios. Ipinababatid Niya sa atin na ito'y tinanggap Niya sa pamamagitan ng pagsupil dito at pagbibigay sa atin ng bagong pananalitang gamit sa pagdalangin at pagpupuri sa Dios.

Tinatanggap ng mga tao ang gawaing ito ng Espiritu Santo sa maraming paraan. Ang iba'y dagling nakapagsasalita sa ibang wika, nang walang kahirap-hirap o pag-aatubili. Isinusuko lamang nila sa Espiritu Santo ang kanilang sangkap para sa pagsasalita.

Ang iba'y unti-unti namang sumusuko sa Espiritu Santo. Ang iba'y nauutal at nahihirapang makapagsalita nang malinaw. Sila'y parang mga batang bago pa lamang nagsasalita. Inuulit-ulit nila ang mga kataga o salitang kaloob ng Espiritu. Nguni't habang natututo silang pailalim sa Espiritu tuwing mananalangin, nakapangyayari ang Espiritu Santo at malinaw na nagsasalita sa pamamagitan ng kanilang mga dila.

Ang iba nama'y nakadarama ng masidhing udyok ng Espiritu na magsalita ng mga bagay na hindi nila nauunawaan. Sa pananampalataya, tinatanggap

nilang ito'y pag-aakay ng Espiritu, na sumusupil sa kanilang dila at sila'y magsasalita sa ibang wika - - pananalitang hindi na nagmumula sa kanilang isip, kundi udyok ng tuwiran at kahima-himalang kapangyarihan ng Dios.

Narito ang pinaikling ulat ng karanasan ni Robert W. Cummings nang siya'y misyonerong Presbyterian sa India:

Nagpupuri ako sa Dios at nagsasabing "Luwalhati sa iyo, Oh, Dios," biglang-bigla... parang sinabi Niya, "Hindi mo Ako talagang pinupuri sapagka't ang talagang nais mo lamang ay maganap ang bautismo ng Espiritu." Nagbalik ako sa pulong at nanalangin ayon sa pangunguna Niya: "Oh Dios, Ikaw nawa ang mataas at dakilain sa pulong na ito, lalo na sa buhay ko."

> Sa gayon kataimtim kong pananalangin, nakadama ako ng matinding dalamhati... Sa diwang hindi ko masasabing sa akin, ako'y nanangis sapagka't hindi ko tunay na dinakila at minahal ang Dios, gayong Siya'y lubhang karapat-dapat.
>
> Kasunod ng espiritu ng nag-aalab at masidhing pagnanais sa kaluwalhatian ng Dios, dumating ang diwa ng kahanga-hanga at sukdulang kagalakan at kalayaan. Nadama kong para akong nasa pinakagitna ng pag-ibig ng Dios at lumaya sa lahat ng gumagapos sa akin. Buong katuwaan akong nagtawa—nagtawa sa aking pag-aalinlangan at pagkatakot, nagtawa sa mga kaaway ng aking kaluluwa, at nagtawang may kagalakan ng pagtatagumpay sa bawa't alalahaning sumalakay sa akin.

Matagal na panahong ako'y tinuruan ng Espiritu na magpuri sa Kanya dahil sa Kanyang kabanalan, katarungan, katwiran, at kabutihan. Sumunod na itinuro Niya ang pagnanasang mula sa Kanyang puso, na dumating na ang Kanyang kaharian. Oh, kung alam lamang natin kung gaano ninanasa ng Espiritu na itanghal na Hari si Cristo.

Ang sumunod na aralin na Kanyang itinuro sa akin ay ang maalab na pagnanais ng Dios na maganap sa lupa ang Kanyang kalooban, gaya sa Langit. At nagpasimula Siyang makitungo sa akin na ang lahat ng sangkap ng aking katawan, ang buo kong sarili, ay nilikha para sa Kanyang ikararangal.

Sa buong panahong ito'y nadarama ko sa aking buong katawan ang kagila-gilalas na Kapangyarihan... Kapangyarihang matalino... Kapangyarihang walang-hanggan, gayunma'y ayaw kumilos malibang ako'y sasang-ayon.




At ginawa Niyang napakaliwanag sa akin na inaasahan Niyang gagamitin ko ang aking pagsasalita upang bigyang-dangal si Cristo. Ibig Niyang ialay ko ang aking buhay upang dakilain si Cristo bilang Kordero ng Dios na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan... ang Tagapagpagaling... Ang Nagbabautismo sa Espiritu at apoy... ang Haring darating.

At ipinaalam Niya sa akin na nais Niya ang aking dila, upang mangusap sa pamamagitan nito ng salitang nais Niya. Habang sumusuko ako sa Kanya, nangungusap Siya sa pamamagitan ko, sa wikang di ko alam o nauunawaan. Bakit? Hindi ko masabi. Ang tanging alam ko'y ipinadama Niya sa akin na Siya, ang Espiriru Santo ay nagsalita sa pamamagitan ng aking dila upang sabihin ang mga hiwaga sa Dios, at nararapat namang tatakan Niya ang pagpuspos at pag-uumapaw na ito ng Kanyang templo. At ito'y ginawa Niya nang gamitin ang aking dila sa pagpupuri sa Dios sa pananalitang bigay Niya, sa wikang hindi ko kayang bigkasin sa sarili kong kakayahan.

Walang dalawang dahong magkatulad na magkatulad. At ang Dios na Siyang lumikha niyaon ang Siya ring pupuspos sa iyo sa paraang mamarapatin Niya. May mga taong kaagad na napupuspos ng Espiritu Santo matapos mahikayat. Ang iba nama'y matagal munang

dumadalangin bago tumanggap ng kapuspusan. Ang iba'y nakaluhod sa altar nang sila'y mabautismuhan sa Espiritu. Ang iba'y nakaupo o nakatayo. Ang iba'y nasa pulong panalangin sa isang tahanan. Ang iba'y umaawit, nagbabasa ng Biblia, o gumagawa ng kanilang gawain nang biglang bumalong ang pag-ibig ng Dios at sila'y nag-umapaw sa pagpupuri sa Dios at napuspos ng Espiritu Santo.



Marahil, napuspos ka na ng Espiritu ngunit hindi ka pa nag-umapaw gaya ng nais mo. Gawin mo ang ginawa ng mga unang Cristiano: bayaan mong muli ka Niyang puspusin. "Patuloy kang mapuspos ng Espiritu."

Sa pagkakita mo kung paano napupuspos ng Espiritu Santo ang iba, napagkikilala mong walang paborito ang Dios. Gagawin rin Niya sa iyo ang Kanyang ginawa sa iba. Hindi mahalaga kahit matagal ka nang Cristiano, kahit ka nasaan, o kung ano ang ginagawa mo. Ang mahalaga'y ang iyong damdamin, ang pagkagutom at pagkauhaw mo sa Dios, ang kasabikan mong sumunod sa Kanya at ang pananampalataya mong tutuparin Niya ang Kanyang pangako. Sumuko ka sa Kanya at bayaang ikaw'y puspusin Niya diyan sa kinaroroonan mo ngayon din.

Pagpalain ka ng Dios sa pagsasakatuparan mo ng iyong napag-aralan. Ito ang dalangin namin para sa iyo:

*Colosas 1:9-11 "Hindi kami nagsisitigil ng pananalangin at ng paghingi na patungkol sa inyo, upang kayo'y puspusin ng kaalaman ng Kanyang kalooban, sa buong karunungan at pagkaunawa ayon sa Espiritu. Upang kayo'y magsilakad ng nararapat sa Panginoon, sa buong ikalulugod Niya, at magsipamunga sa bawa't gawaing mabuti, at magsilago sa kaalaman ng Dios, na kayo'y palakasin ng buong kapangyarihan, ayon sa kalakasan ng Kanyang kaluwalhatian."*

Gawin Mo Ito

6. Ano ang higit na mahalaga kaysa panahon lugar, o kalagayan ng iyong katawan kung ibig mong ikaw'y puspusin o muling puspusin ng Dios ng Kanyang Espiritu?

   ______________________________

   ______________________________

7. Masasambit mo ba nang walang tingin ang Gawa 2:17; Gawa 2:38, 39; Gawa 5:32; Lucas 11:9-13?

8. Hiningi mo na ba sa Dios na alisin Niya sa katauhan mo ang lahat ng bagay na di-kalugud-lugod sa Espiritu Santo? ______

9. Manalangin ka ngayon. Sambitin mo ang isinaulo mong mga pangako. Pasalamatan ang Dios dahil sa mga ito. Pasalamatan Siya sa pagsugo ng Kanyang Espiritu. Anyayahan ang Espiritu at sumuko sa Kanya.

10. Punan ang EKSAMEN at ipadala sa amin.

ICI Ministries, Inc.
P.O.Box 13461, Ortigas Center
1605 Pasig City, Philippines
E-mail: iciphil@info.com.ph
Website: www.iciphilippines.org

# PAUNAWA

ANG IBA PANG KURSO NG ICI MINISTRIES, INC.
AY ANG MGA SUMUSUNOD:

- Ang Iyong Bagong Buhay
- Ang Iyong Biblia
- Juan—Gabay Sa Pag-aaral
- Ang Iglesya
- Ang Pag-aasawa At Ang Tahanan
- Sino Si Jesus
- Mahal Ka Ng Dios
- Mga Manggagawang Cristiano
- Ang Cristianong Pagsamba
- Ang Cristiano Sa Kanyang Pamayanan
- Ang Ministeryo Ng Pagtuturo
- Pamantayang Moral
- Ang Plano Ng Dios - Nasa Iyo Ang Pasiya
- Mga Ginagawa Ng Iglesya

Lahat ng kurso sa Biblia na handog ng ICI Ministries, Inc. ay nagpapasigla at nagpapalakas sa buhay espirituwal.

IPATALA ANG IYONG MGA KAIBIGAN SA WALANG BAYAD NA ARALIN, *"ANG MGA DAKILANG KATANUNGAN SA BUHAY."*

Pangalan ______________________________
Tirahan ______________________________

Pangalan ______________________________
Tirahan ______________________________

Pangalan ______________________________
Tirahan ______________________________

Pangalan ______________________________
Tirahan ______________________________

Pangalan ______________________________
Tirahan ______________________________

Pangalan ______________________________
Tirahan ______________________________

Pangalan ______________________________
Tirahan ______________________________

*Disciples are made not born.*

# DISCIPLESHIP Track




*ICI Ministries offers a thorough discipleship program designed to lead a believer from new birth to Christian maturity and to prepare him/her for ministry in the local church.*

**DEVOTIONAL DEVELOPMENT**
(*Enhancing your relationship to God*)

**Alive in Christ** by David Duncan
**How to Study the Bible** by Thomas Mapnon
**Prayer and Worship** by Morris Williams
**When You Pray** by J. Robert Ashcroft
**Your Helpful Friend** by Louise Jeter Walker
**Your New Life** by Louise Jeter Walker

**DOCTRINAL DEVELOPMENT**
(*Knowing the Bible and what you believe*)

**Counselor, Teacher & Guide** by William Farrand
**John's Gospel** by Rex Jackson
**Understanding the Bible** by Dorothy Johns
**We Believe** by Ralph Riggs
**Who Jesus Is** by Louise Jeter Walker
**Your Bible** by Louise Jeter Walker

**CHARACTER DEVELOPMENT**
(*Developing inner growth*)

**Abundant Living** by Antonio Gilbert da Silva
**Bible Ethics** by John and Sara Miles
**Christian Maturity** by Rick Howard
**God's Design, Your Choice** by Lowell Harrup
**Marriage & Home** by Rex Jackson
**The Christian In His Community** by Donald Stuckless
**The Responsible Christian** by Jose R. Silva Delgado

**MINISTRY DEVELOPMENT**
(*Serving God and others*)

**Christian Workers** by Marian Brandt
**Christian Worship** by Judy Bartel
**Personal Evangelism** by Jean Baptiste Sawadogo
**Spiritual Gifts** by Robert R. Brandt
**The Church** by Donald Smeeton
**The Teaching Ministry** by Marjorie Steward
**What Churches Do** by Robert & Evelyn Bolton

**ICI MINISTRIES**
2909 Raffles Corporate Center
Emerald Ave., Ortigas Center
1605 Pasig City
(632) 914-9800 * Fax: (632) 914-9810
www.iciphilippines.org * E-mail: iciphil2info.com.ph

# Ang Iyong Matulunging Kaibigan

## Aralin

1. *Ikaw Ay May Kaibigan Ang Espiritu Santo*
2. *Ang Espiritu Santo Ay Nagbibigay Sa Iyo Ng Buhay*
3. *Ang Espiritu Santo Ay Tumutulong Sa Iyong Manalangin*
4. *Ang Espiritu Santo Ay Umaakay Sa Iyo*
5. *Ang Espiritu Santo Ay Nagbibigay Sa Iyo Ng Kapangyarihan*
6. *Ang Espiritu Santo Ay Pumupuspos Sa Iyo*

ICI MINISTRIES
P.O.Box 13461, Ortigas Center, 1605 Pasig City
email: iciphil@info.com • www.iciphilippines.org

*Mapag-aaralan ang mga araling ito sa ICI website.*

2/10M/6.05

Harvard/Tagalog

*"ANG IYONG MATULUNGING KAIBIGAN"*

# ARALIN 2

## ANG ESPIRITU SANTO AY NAGBIBIGAY SA IYO NG BUHAY

| STUDENT NUMBER: |
| --- |
| |

(ILIMBAG NANG MALIWANAG)

PANGALAN: ____________________

TIRAHAN: ____________________

____________________

*Ibigay ang tamang sagot:*

1. May apat na paraan ang Espiritu Santo sa paghahayag sa atin ng buhay ng Dios.
   a. Ang Espiritu Santo ay nagbigay sa atin ng kakayahang ____________ ang isipan ng Dios.
   b. Ang Espiritu Santo ay nagbigay sa atin ng kakayahang ____________ ang damdamin ng Dios.
   c. Ang Espiritu Santo ay nagbigay sa atin ng kakayahang ____________ ng panalangin ng Dios.
   d. Ang Espiritu Santo ay nagbigay sa atin ng ng kakayahang ____________ ang gawain ng Dios.

2. Isulat ang dalawa sa mga tawag sa Espiritu Santo.
   a. ____________________
   b. ____________________

3. Kapag ang mga maling haka at mabibigat na suliranin ay dumating, ano ang higit na makatutulong?
   _____ a. Sumapi sa malaking iglesya.
   _____ b. Magkaroon ng isang malalim na personal na karanasan sa pakikiugnay sa Espiritu Santo.

4. Ano ang makatutulong sa isang tao upang tanggapin ang tulong mula sa "Espiritu ng Buhay" ayon sa sinasaad sa Santiago 5:14, 15 at Marcos 16:17,18?
   _____ a. Panalangin at pananampalataya.
   _____ b. Pangangatuwirang mapanuri.

5. Ano ang dakilang himala na magaganap sa pamamagitan ng "Espiritu ng Buhay" kapag si Jesus ay muling bumalik sa lupa?
   _____ a. Yaong mga sumasampalataya kay Jesus ay muling bubuhayin at papailanlang upang salubungin si Jesus sa alapaap.
   _____ b. Ang bulag ay makakakita at ang pilay ay makalalakad.

6. Ang dalawang katangian na kalikasan ng Dios na nais ng Espiritu Santo na mapaunlad sa atin ay ang:
   _____ a. Pag-ibig at kabanalan.
   _____ b. Katalinuhan at kakayahang magsalita sa madla.

7. Ano ang dapat na maging layunin ng ating buhay?
   _____ a. Ingatan ang ating sariling katawan.
   _____ b. Makibahagi sa dakilang palatuntunan ng Dios.

8. Paano ginagawa ng Espiritu Santo na ang mga tao ay maging saksi ni Cristo? ____________________
   ____________________

9. Ano ang ibinigay ng Dios na dahilan upang ikabuhay at ikamatay? ____________________
   ____________________

10. Ikaw ba, o ang iyong kakilala, ay nangangailangan ng kagalingang pisikal? ____________________
    ____________________

*"ANG IYONG MATULUNGING KAIBIGAN"*

# ARALIN 3

## ANG ESPIRITU SANTO AY TUMUTULONG SA IYONG MANALANGIN

*Ibigay ang tamang sagot:*

1. Ang ______________ ay kaibigan na dalubhasa sa pagtuturo sa kung paano manalangin.

2. Ano ang panalangin? ______________________________

   ______________________________

3. Ibigay ang tatlong bahagi ng panalangin.
   a. ______________________________
   b. ______________________________
   c. ______________________________

4. Isulat ang reperensiya ng Biblia (Aklat, kapitulo, versikulo) ng talatang nagsasabing, "Ang Dios ay Espiritu; at ang mga sa Kanya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at sa katotohanan." ______________________

5. May limang paraan ng pakikipagtulungan sa Espiritu Santo na ating magagawa upang ang pagsamba sa Dios ay maging bahagi ng ating pang-araw-araw na pamumuhay.
   a. ______________________________
      ______________________________
   b. ______________________________
      ______________________________
   c. ______________________________
      ______________________________
   d. ______________________________
      ______________________________
   e. ______________________________
      ______________________________

6. Sa tunay na ______________ ating ipinahahayag ang ating pag-ibig sa Dios.

7. Kapag ipinagtapat ng mga Cristiano ang kanilang kasalanan at nakipag-ayos sa Dios at sa kapwa tao, mga kagila-gilalas na bagay ang nagaganap. Ito'y ang mga sumusunod:
   a. Magagamit sila ng ______________ sa ikadadakila ng Kanyang pangalan.
   b. Dumarating ang ______________.
   c. Natutugon ang mga ______________.
   d. Naliligtas ang mga ______________.

8. Isulat ang reperensiya ng Biblia (Aklat, kapitulo, at versikulo) ng talatang nagsasabing, "Huwag kayong mangabalisa sa anumang bagay; kundi sa lahat ng mga bagay, sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pagpapasalamat ay ipakilala ninyo ang inyong mga kahilingan sa Dios." ______________________

9. Bakit kailangan nating lahat ang Espiritu Santo sa panalangin? (Guhitan ang wastong sagot.)
   a. Maganda itong pakinggan.
   b. Tumutulong Siyang ipaisip ang dapat hingin sa panalangin sa tiyak na bagay at takdang panahon.

10. Sa dalawang paraan, ang Espiritu Santo ay nananalangin sa pamamagitan ng mananampalataya.
   a. Sa sarili mong wika, at may alab na higit kaysa likas mong panalangin. Ito ay panalanging may ______________________
   b. Sa wikang Siya at tanging Ama lamang ang nakaalam. Kanyang inihahayag sa wikang makalangit ang pag-ibig na di natin alam ihayag, ang pasanin sa ating mga kaluluwa, o ang pagpupuring nagpupuno sa ating mga puso. Ito ay panalangin sa ______________ o "glossolalia."

11. Nais mo bang ang Espiritu Santo ay manalangin sa pamamagitan mo sa dalawang kaparaanang ito? ______________________

# ARALIN 4

## ANG ESPIRITU SANTO AY UMAAKAY SA IYO

*Ibigay ang tamang sagot:*

1. Ilang pangako ang ginawa ng Dios sa Kanyang Salita, sa Biblia? ____________

2. Paano umaakay sa mga tao ang Espiritu Santo? Magbigay ng limang paraan.
   a. ____________
   b. ____________
   c. ____________
   d. ____________
   e. ____________

3. Anong mapa ang magagamit ng tao bilang patnubay niya sa buhay? ____________

4. Ayon sa Mga Awit 119:9, paano malilinis ng isang binata ang kanyang daan? ____________

5. Magbigay ng tatlong kaloob ng Espiritu Santo na binabanggit sa 1 Corinto 12:8-10.
   a. ____________
   b. ____________
   c. ____________

6. Ang mga pahayag mula sa Espiritu Santo ay sumusunod sa limang pamantayan:
   a. Ang pahayag ay lubos na sumang-ayon sa ____________
   b. Ang pahayag ay dapat maging ____________
   c. Ang pahayag ay dadakila kay ____________
   d. Ang pahayag ay naghahatid ng ____________ hindi ng ____________
   e. Siya na nagbibigay ng pahayag ay may kamalayan at pananagutan na ang lahat ng bagay ay gawin sa ____________

7. Ang Dios ba sa kasalukuyan ay nagsasalita sa mga tao sa pamamagitan ng mga panaginip at mga pangitain? ________________________

________________________

Magbigay ng isang reperensiya mula sa Biblia.

________________________

8. Paano magagawa ng isang tao na ang kanyang panaginip ay makatulong sa kanyang buhay panalangin? ________________________

9. Anong dalawang karanasan ang makatutulong upang ang buhay ay maging kasiya-siyang pakikipagsapalarang pinapatnubayan ng Dios?
   a. Maglakbay sa buong mundo.
   b. Sumunod sa pamamatnubay ng Dios.
   c. Maging tagapagmana ng kayamanan.
   d. Maging puspos ng Espiritu Santo araw-araw.

10. Siya ay higit na makapangyarihan kaysa sa mga manghuhula o espiritista. Siya ay mapagmahal na Kaibigang maaasahan at mababalingan ng bawa't lalaki at babaing nangangailangan ng maka-Dios na patnubay. Siya ay ang ________

________________________

11. Ibig mo bang mangusap sa iyo ang Espiritu Santo upang akayin ka sa lahat ng dapat mong pagpasiyahan? ________________________

"*ANG IYONG MATULUNGING KAIBIGAN*"

# ARALIN 5

## ANG ESPIRITU SANTO AY NAGBIBIGAY SA IYO NG KAPANGYARIHAN

*Ibigay ang tamang sagot:*

1. Sino ang nagnanais na ikaw ay mapuspos ng Kanyang kapangyarihan upang magawa mo ang Kanyang gawain? ______________________

2. Ang mga tagasunod ni Jesu-Cristo ay tumanggap ng karanasang pentecostal nang Araw ng

______________________

3. Sa Mga Gawa 2:2-4, 11 hanapin ang mga sagot:

   a. Ano ang narinig ng mga tao? ______________________

   b. Ano ang nakita nila? ______________________

   c. Ano ang pumuspos sa kanila? ______________________

   d. Ano ang kanilang ginawa? ______________________

   e. Naunawaan ba sila ninuman?______________________

   f. Ano ang sinabi ng mga alagad nang sila'y nagsipagsalita sa mga wika? ______________________

4. Sino ang nagsabi, "Hindi nagtatangi ang Dios ng mga tao"? ______________________

5. Sa panahon ng Bagong Tipan, sino ang kinauukulan ng Bautismo sa Espiritu Santo? (Salungguhitan ang tamang sagot.)
   a. Para sa mga alagad lamang
   b. Para sa lahat ng mga Cristiano.

6. Ano ang ginawa ng mga alagad para sa mga bagong nahikayat sa Samaria, sa kanila na hindi pa tumatanggap ng Bautismo sa Espiritu Santo? ______________________

7. Magbigay ng isang katangi-tanging palatandaang pinili ng Dios upang ipakita na ang isang tao ay napuspos ng Espiritu Santo. ______________________

8. Ibig mo bang magkaroon ng mga tanda ng kapangyarihang espirituwal na kagaya ng sa naunang iglesya? ______________________

Kung ikaw ay natulungan ng araling ito na tumanggap sa Espiritu Santo, mangyari lamang na isulat sa amin ang iyong patotoo. Kung hindi mo pa tinatanggap ang kapangyarihan ng Espiritu Santo sa iyong buhay, muli mong pag-aralan ang araling ito na may panalangin; manampalataya ka sa Dios at hintayin ang pangako ng Ama na ikaw ay Kanyang puspusin anumang oras. Si Cristo Jesus ay tutugon sa iyong pagtawag sa Kanya. "Siya rin kahapon, ngayon, oo at magpakailanman." Purihin ang Panginoon dahil dito, araw-araw.

*"ANG IYONG MATULUNGING KAIBIGAN"*

# Aralin 6

## ANG ESPIRITU SANTO AY PUMUPUSPOS SA IYO

*Ibigay ang tamang sagot:*

1. Ano ang hula ni Joel na natupad sa Mga Gawa 2:17?

   ______________________________

   ______________________________

2. Magbigay ng tatlong pangalan ng iglesya kung saan ang mga mananampalataya ay nagkaroon na ng karanasan sa bautismo sa Espiritu Santo ngayon.
   a. ______________________________
   b. ______________________________
   c. ______________________________

3. Paano dapat tanggapin ang kaloob ng Espiritu Santo? (Lagyan ng X sagot.)
   _____ a. Sa pamamagitan ng pagpuri sa tao dahil sa kanyang kabutihan.
   _____ b. Sa pamamagitan ng pasasalamat at pagpupuri sa Dios.
   _____ c. May pag-aalinlangan at maling akala.

4. Ano ang bahagi ng katawan na mahirap supilin at kailangan munang isuko sa Espiritu Santo bago mapuspos sa Espiritu Santo? ______________

5. Ibigay ang apat na bagay na dapat isuko sa Espiritu Santo upang Siya'y magkaroon ng pamamahala sa iyong buhay.
   a. ______________________________
   b. ______________________________
   c. ______________________________
   d. ______________________________

6. Itinuturo ng Mga Gawa 2:38-39 na ang Banal na Espiritu ay:
   _____ a. Kaloob ng Dios
   _____ b. Gantimpala sa mabuting gawa ng tao

7. Basahing mabuti ang pahina 57. Bakit ibig mong mapuspos ng Espiritu ng Dios?

   ______________________________

   ______________________________

8. Hiniling mo na ba sa Dios na alisin Niya sa katauhan mo ang lahat ng bagay na hindi makalulugod sa Espiritu Santo? ______________

9. Anu-anong mabubuting bagay ang nasasaisip mo ngayon upang maaari mong purihin ang Panginoong Jesus? (Isulat ng ilan sa mga ito at bigkasing malakas nang paulit-ulit)

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

ICI Ministries, Inc.
P.O.Box 13461, Ortigas Center
1605 Pasig City, Philippines
E-mail: iciphil@info.com.ph
Website: www.iciphilippines.org